FOLLOW-UP LESSONS

CONVERSATIONAL TAGALOG

SUMULAT
Anna Dominique L. Gonzaga

GUMUHIT NG MGA LARAWAN
Mariela B. Moreno

NAGSALIN SA CONVERSATIONAL TAGALOG
Arlene F. Gallos

Maliban kung tinuran, lahat ng binanggit na talata sa Biblia ay hango sa *Magandang Balita Biblia* (MBB). Copyright © 1973, 1980, 2005 ng Philippine Bible Society. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado ang lahat ng karapatang-ari.

© 2019 CHURCH STRENGTHENING MINISTRY, INC. May pahintulot ang church na gumawa ng maraming kopya para gamitin sa kanilang Sunday school/children's ministry.

Greetings!

Congratulations sa pagtatapos ng limang araw ng matinding training sa *VBS Shield Squad: Secure in God's Protection*. Proud kami sa inyong narating, ngunit mas proud kami na kayo at ang inyong mga kids ay full-fledged Heroes na rin—mga Heroes na handang harapin ang mga disasters at mga pagsubok ng buhay. Nakakasiguro na rin kami na kayo ay nasa pag-iingat at pagbabantay ng pinakadakilang Hero sa lahat ng panahon—na si Jesu-Cristo! Kaya, congratulations din diyan!

Naging mahirap ang *VBS Shield Squad*, di ba? Pero inaasahan naming marami kayong natutunan at handa na kayong gawin ang nararapat na mga hakbang kapag dumating ang mga disaster sa inyong mga buhay.

Ngayon, aasintahin natin ang mga puso, kabanalan at katangian ng inyong mga Heroes. Naaayon pa rin sa superhero theme, narito ang walong lessons na maari mong ituro sa mga Heroes sa mga susunod na linggo pagkatapos ng *VBS Shield Squad*. Ang mga lessons na ito ang mas magbibigay ng kaalaman sa kanilang natagpuang pananampalataya. Matututuhan nila ang iba't ibang mga katangian na dapat mayroon ang isang Hero habang itinuturo rin ang mga pangunahing katotohanan mula sa Biblia tungkol sa kaligtasan, sa Biblia, sa kahalagahan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos, sa pakikipag-fellowship sa mga kapwa-mananampalataya, sa Church, sa pagkakaloob o offering at sa pagbabahagi ng pananampalataya sa iba.

Kasama nyo kami sa habambuhay na digmaan laban sa lahat ng masasamang pwersa sa madilim na mundo na ating tinitirhan. Inaasahan naming magagamit nyo ang mga lessons na ito at idinadalangin namin na mas matulungan kayo at ang inyong mga kids habang dinadaanan nyo ang mga disaster at pagsubok sa buhay kasama si Cristo.

Manatili sana kayong magningning bilang mga Hero ni Cristo!

LESSON 1

MASAMA TALAGA AKONG BATA. TALAGA BANG MAPAPATAWAD PA AKO? (KATIYAKAN NG KALIGTASAN)

BIBLE TEXT:
Mga Gawa 9 (Si Pablo ay Naging Mananampalataya)

MEMORY VERSE:
Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid. 1 Juan 1:9

MAIN POINT:
Gaano man tayo naging masama, papatawarin tayo ng Diyos kung lalapit tayo sa Kanya nang may pagsisisi at pananampalataya.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Kababaang-loob

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. sabihin kung paano nagsisi si Pablo sa kanyang mga kasalanan at nanampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo;
2. sabihin kung bakit kinakailangan ang pagpapakumbaba sa pagsisisi;
3. ipahayag ang kanilang pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang kapatawaran at pagmamahal.

WELCOME AND INTRODUCTION

I-welcome sa Sunday school ang mga batang mula sa VBS. Ipaliwanag sa kanila kung bakit ito tinawag na "Sunday school." Sabihin sa kanila, **Welcome sa Sunday school! Kasintulad ito ng Shield Squad Headquarters, pero magkikita-kita lang tayo tuwing Linggo! Ito ang lugar kung saan mas matututunan nating lahat ang tungkol sa pinakadakilang Hero sa lahat ng panahon—si Jesu-Cristo! Matututunan natin ang lahat ng ito mula sa isang ancient Manual, ang Biblia. Ito ay ang Salita ng Diyos.**

Ipakilala ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsasabi ng iyong pangalan, kung saan ka nakatira, saan ka nagtatrabaho (o nag-aaral) at ano ang mga hilig mong gawin (ang iyong hobbies). Pagkatapos, hilinging ipakilala rin ng bawat bata ang kanyang sarili sa parehong paraan. Maari ka ring maghanda ng maliliit na regalong pang-welcome sa kanila. Para matulungan ang mga newcomers sa klase, hilingin sa mga dati mo nang estudyante sa Sunday school na kunin ang kanilang regalo at tulungan kang ipamigay ang mga natitira sa mga baguhan.

WARM UP
(Game)

Finding Ananias

PREPARATIONS:

- Mga panyo, tig-isa ang bawat manlalaro
- Maliliit na mga bato na nakaporma na isang simpleng maze patungo sa mga leaders

Safety Tip
I-assign ang mga Deputies sa paligid ng game center para bantayan ang mga manlalaro na tumatawid sa maze. Gayundin, kung may mga bata na ayaw maglaro, huwag silang pilitin.

Hatiin ang klase sa dalawang teams. Sabihan ang bawat team na pumili ng isang leader, kung maari ay yung mahusay magbigay ng mga direksyon. Paupuin ang mga leader sa kabilang dulo ng game center, sa dulo ng maze na inyong ginawa. Ang layunin ng laro na ito ay dapat makatawid ang lahat ng mga manlalaro sa maze nang hindi nagagalaw ang mga bato habang nakapiring ang kanilang mga mata. Ang unang team na makakatawid ng maze ang panalo.

Pagkatapos ng game, iugnay ito sa Bible story. Tanungin sila, **May nakakaalam ba sa inyo kung sino si Ananias? Si Ananias ay isang tao mula sa Biblia, at siya ay kilala bilang isang disipulo ni Jesu-Cristo. Hinintay ng main character ng ating Bible story si Ananias nang inutos ito sa kanya ng Diyos. At sa ilang sandali, malalaman natin kung bakit!**

WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:

➔ Biblia

➔ Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)

Pagkatapos ng pagkamatay at pagkabuhay ni Jesus, naghiwa-hiwalay ang Kanyang mga alagad sa iba't ibang bansa at nagpatuloy silang lahat na ibahagi ang Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo. Maraming tumanggap kay Cristo, ngunit may mga tao rin na hindi tumanggap sa Kanya.

Isa sa mga taong lantaran ang pagtatanggi sa Kanya ay si Saulo. Isa siyang Pariseo. Ang mga Pariseo ay grupo ng mga Judio na mahigpit na sumusunod sa mga Kautusan ng Diyos at sa mga ginawa nilang utos tungkol sa batas ng Diyos; sila rin ang may pakana ng pagkakapako ni Cristo sa krus. Masasabi natin na sila ay mga kontrabida o mga *villain*.

Si Saulo ay isang Jewish leader na may pinag-aralan. Pinahirapan niya ang napakaraming tao na sumasampalataya kay Jesus. Malugod niyang pinagbabantaan at pinapatay ang sinumang mananampalataya ni Cristo. Isang araw, pumunta si Saulo sa punong pari. Humingi siya ng mga sulat para sa mga sinagoga sa Damasco at nagbanta na kung may matagpuan siyang mananampalataya ni Jesus, lalaki man o babae, ay aarestuhin niya ang mga ito at dadalhin sa Jerusalem.



(Ipakita ang Teaching Picture.) Naglakbay si Saulo at nang palapit na siya sa Damasco, pinaligiran siya ng liwanag mula sa langit. Natumba siya sa lupa at narinig niya ang isang boses na nagtatanong, "Saulo, Saulo! Bakit mo Ako inuusig?"

Tapos sumagot si Saulo, "Sino kayo, Panginoon?" At sumagot ang boses na ito, "Ako si Jesus, ang iyong inuusig. Tumayo ka at pumasok ka sa siyudad kung saan sasabihin Ko sa iyo ang kailangan mong gawin."

Tumigil at hindi nakapagsalita ang mga lalaking kasama ni Saulo. Narinig nila ang boses ni Jesus, ngunit wala silang nakitang tao. Nang tumayo si Saulo at binuksan ang kanyang mga mata, wala na siyang makita! Nabulag siya. Kaya, inalalayan na lang siya at dinala papuntang Damasco.

Tumagal ng tatlong araw ang kanyang pagkabulag. Hindi siya kumain o uminom ng kahit ano.

Sa Damasco, may isang disipulo na ang pangalan ay Ananias at nagkaroon siya ng isang pangitain. Sa kanyang pangitain, tinawag siya ng Panginoong Jesus, "Ananias!" kung saan kanyang sinagot, "Ano po iyon, Panginoon?"

Pagkatapos, sinabihan siya ng Panginoon, "Tumayo ka at pumunta ka sa kalyeng tinatawag na Tuwid. Sa bahay ni Judas, makikita mo si Saulo. Nananalangin siya. At sa isang pangitain, nakita ka niyang pumasok sa kinaroroonan niya at pinatungan mo siya ng iyong mga kamay upang siya'y makakitang muli."

Ngunit sumagot si Ananias sa Panginoon, “Panginoon, maraming tao na ang nakapagsabi sakin tungkol sa lalaking ito! Napakatindi ng kanyang mga ginawa sa mga mananampalataya Mo sa Jerusalem. At pumunta siya rito sa Damasco nang may kapangyarihan mula sa mga punong pari para arestuhin ang mga sumasamba sa Iyo!”

Pagkatapos, sinabi ng Diyos kay Ananias, “Pumunta ka roon, dahil pinili Ko siya na maglingkod sa Akin—para ipakilala ang Aking pangalan sa mga Hentil, mga hari at sa bansa ng Israel.”

Kaya, sinunod ni Ananias ang Panginoon at pumasok siya sa kinaroroonan ni Saulo. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay kay Saulo at sinabi, “Saulo, ipinadala ako ng Panginoon—ni Jesus na Siyang nagpakita sa iyo sa daan habang kayo ay papunta rito. Pinadala Niya ako upang ikaw ay makakita muli at mapuspusan ng Banal na Espiritu.”

Tumigil at ipaliwanag sa kanila kung sino ang Banal na Espiritu. Ipaliwanag na bago umakyat si Jesus sa langit, ipinangako Niya na magpapadala Siya ng isang tutulong sa kanila—na Siyang magbibigay ng kapangyarihan sa kanila na maging mga saksi ng Magandang Balita. Ang Banal na Espiritu ay Diyos. Siya ang ikatlong Persona ng Trinity. Kapag tinanggap natin si Jesus, tinatanggap din natin ang Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ang Siyang gumagabay at nagbibigay kapangyarihan sa atin na gawin kung ano ang tama.

Sa isang iglap, nahulog mula sa mga mata ni Saulo ang parang mga kaliskis ng isda at nakakita siyang muli. Tumayo siya at nagpabautismo. Pagkatapos niyang kumain, nanumbalik ang kanyang lakas. At sa halip na pahirapan ang mga Kristiyano, nag-umpisa siyang mangaral tungkol kay Jesu-Cristo bilang Mesias—ang ipinangakong Tagapaligtas!

Minsang naging tagapagpahirap ng mga Kristiyano si Saulo, ngunit pagkatapos niyang makatagpo ang Panginoong Jesu-Cristo, nagbago ang kanyang buhay. Nagbago rin ang kanyang pangalan. Pagkatapos ng lahat, tinawag na siyang **Pablo**. Ipinahayag niya ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo saanman siya pumunta!

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Kababaang-loob

Nakagawa si Saulo ng maraming masasamang bagay bago niya nakilala nang personal si Cristo sa daan patungong Damasco. Binantaan niya at pinatay ang mga taong sumasampalataya kay Jesus. Ngunit ng sandaling nakilala niya si Cristo, tuluyang nagbago ang kanyang buhay.

Para masabi ni Pablo na siya’y nagkamali, siguradong kinailangan niya ang kababaang-loob. Alam ni Pablo ang kanyang mga kasalanan at hindi niya itinanggi ang mga ito. Ang isang mapagmataas na tao ay hindi aamin ng kanyang mga kasalanan at tatanggihan niya ang tulong ng Diyos. Sa kabilang dako, ang isang mapagpakumbabang tao ay aaminin ang kanyang mga kasalanan at mapagpakumbabang hihilingin sa Diyos na patawarin ang mga ito.

Ang mga Heroes ay hindi at hindi dapat maging mga mapagmataas na tao. Ito ang ibig sabihin ng kababang-loob at isa ito sa mga dahilan kung bakit si Saulo—na ang pangalan ay pinalitan ng Pablo—ay isang tunay na Hero.

Reflection:
Isa ka bang mapagmataas na tao? Paano mo maisasabuhay ang pagiging mapagpakumbaba?

WIND UP
(Review)

1. **Bakit patungo si Saulo sa Damasco?** (Sasabihin niya sa mga sinagoga sa Damasco na kapag nakakita siya ng sinuman na sumasampalataya kay Jesus, aarestuhin niya ang mga ito at dadalhin sa Jerusalem.)
2. **Kaninong boses ang kanyang narinig patungong Damasco? Ano ang sinabi ng boses?** (Narinig ni Saulo ang boses ni Jesus habang pinaligiran siya ng liwanag. Tinanong siya ng boses, "Saulo, Saulo! Bakit mo Ako inuusig?")
3. **Anong nangyari kay Saulo pagkatapos ng pagtatagpo nila ni Jesus at ano ang sinabi ni Jesus sa kanya na gagawin?** (Tatlong araw siyang nabulag. Inutusan siya ni Jesus na pumasok sa siyudad at saka lamang niya malalaman ang susunod na gagawin.)
4. **Bakit nagdalawang-isip si Ananias nang utusan siya ng Panginoon na makipagkita kay Saulo? Sinunod ba niya ang utos ng Panginoon?** (Dahil alam ni Ananias ang mga masasamang bagay na ginawa ni Saulo sa mga mananampalataya sa Jerusalem, ngunit sinunod pa rin niya ang utos ng Panginoon na puntahan si Saulo at ipatong ang kanyang mga kamay kay Saulo upang makakita siya muli.)
5. **Nahiling mo na ba sa Diyos na patawarin Niya ang iyong mga kasalanan? Naniniwala ka ba na pinatawad ka na Niya tulad ng pagpapatawad Niya kay Saulo?**

WORK UP
(Life Response)

Kanina, nalaman natin na nakagawa si Saulo ng mga masasamang bagay sa mga Kristiyano bago niya nakilala si Jesu-Cristo. Ngunit hindi naging hadlang ang kanyang mga kasalanan para gamitin siya ng Diyos bilang isang instrumento para ibahagi ang Magandang Balita sa buong mundo. Pinapakita nito na kahit gaano tayo naging kasamâ, tinatanggap pa rin tayo ng Diyos at pinapatawad Niya tayo kapag handa tayong baguhin ang ating mga buhay—sa paraan ng pagsisisi at pagtalikod sa ating mga kasalanan.

Sabihin sa mga estudyante, **Ibig sabihin ng pagsisisi ay ang inyong pag-amin sa masasamang bagay na inyong nagawa at pinagsisisihan nyo ang mga ito. Tulad ni Saulo, tatalikuran nyo ang mga kasalanan at pagtutuunan nyo ng pansin ang paggawa ng mga bagay na makakapagpasaya sa Diyos at kung ano pa man ang sasabihin Niya na gawin nyo. Sa kaso ni Saulo, inatasan siya na ihayag ang Magandang Balita. Ganun din ang nais ng Diyos na gawin natin. Ngunit bago natin Siya maibahagi sa ibang tao, kailangan nating maunawaan kung ano ang ginawa Niya para sa atin.**

Meron ba ritong nakakaalam ng ibig sabihin ng kasalanan? Hintayin ang kanilang kasagutan. **Ang kasalanan ay anumang ating gawin, sabihin o isipin na hindi nakakapagpasaya sa Diyos. Ito ang naghihiwalay sa atin mula sa Diyos; ito ang naghiwalay kay Saulo mula sa Diyos. At tulad din ni Saulo, makasalanan din tayo. Sinasabi ng Biblia na *kamatayan ang kabayaran ng kasalanan*** (Roma 6:23). **Ibig sabihin nito ay karapat-dapat tayong mamatay. Ngunit dahil sa napakatinding pag-ibig sa atin ng Diyos, ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Jesu-Cristo upang mamatay sa krus para sa ating mga kasalanan. Ipinapangako Niya sa atin na kapag tinanggap natin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas ng ating buhay, lilinisin Niya tayo mula sa ating mga kasalanan at bibigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan** (Juan 3:16). **Gusto nyo ba yan?**

Nang si Saulo ay magsisi at tumanggap sa Panginoong Jesu-Cristo, naging bahagi na siya ng pamilya ng Diyos. Tulad ng napag-usapan natin kanina, ginamit si Saulo ng Diyos bilang isang tagapahayag ng Magandang Balita! Nananampalataya ka na ba kay Jesu-Cristo? Nais mo bang gumawa ng mga makapangyarihang bagay para sa Kanya?

Mentors, kung mayroon kayong mga estudyanteng hindi pa tumatanggap kay Jesu-Cristo at gusto nang gawin ito ngayon, pangunahan sila sa isang panalangin ng pagtanggap.

OPTIONAL CRAFT: Origami Blinking Eye Craft





MATERIALS:

- Puting bond paper
- Itim na marker o krayola

Tingnan ang pages 36-37 para sa step-by-step instructions.

Sabihin, **Ipaalala sana ng ating mga origami blinking eye crafts kung paano nagbago ang buhay ni Pablo nang makilala niya si Jesus at kung paano niya inialay ang kanyang buhay sa pagpapalaganap ng Magandang Balita!**

Hinango mula sa https://www.origamiway.com/origami-blinking-eye.shtml

WRAP UP
(Closing)

Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid.
1 Juan 1:9

Ipasaulo ang verse sa mga estudyante. Pagkatapos, magwakas sa panalangin. Anyayahan silang bumalik sa susunod na Linggo!

LESSON 2

TALAGA BANG DINIRINIG NG DIYOS ANG AKING MGA PANALANGIN? (PAANO MANALANGIN)

BIBLE TEXT:
Exodo 2:23–3:1; 4:29-31 (Naririnig ng Diyos ang mga Panalangin ng Kanyang Bayan)

MEMORY VERSE:
Agad dinirinig daing ng matuwid; inililigtas sila sa mga panganib. Awit 34:17

MAIN POINT:
Iniuugnay tayo ng panalangin sa Diyos; diringgin Niya tayo kapag tumawag tayo sa Kanya.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Pananampalataya

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. sabihin kung paano sinagot ng Diyos ang daing ng mga Israelita;
2. ipahayag ang kanilang pananampalataya na diringgin ng Diyos at sasagutin ang kanilang mga dalangin;
3. manalangin nang malakas sa Diyos sa pangalan ni Jesus.

WARM UP
(Game)

Candy Toss

PREPARATIONS:

➔ Mga candy na nakabalot pa, tulad ng Mentos o Maxx (isa para sa bawat manlalaro)

Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Patayuin ang mga manlalaro sa dalawang linya, sampung talampakan ang layo at magkaharap sa isa't isa. Sabihin sa mga manlalaro na ang manlalaro na nakatayo sa kanilang harapan ay ang kanilang partner. Bigyan ang bawat manlalaro mula sa unang grupo ng isang piraso ng candy. Sabihin sa kanila na kailangan nilang itapon ang kanilang mga candy sa kanilang partner, na sila namang sasalo sa mga ito. Kapag nasalo ng kanilang mga partner ang candy, hahakbang sila ng isa palapit sa bawat isa. Ang layunin ng laro na ito ay mapalapit sa isa't isa ang mga manlalaro sa ilan lamang na pagsubok (depende kung ilan ang gusto ng Mentor).

Pagkatapos ng laro, bigyan ang lahat ng isang piraso ng candy bilang treat. Sabihin sa kanila, **Sino sa inyo ang nakalapit sa inyong mga partner sa ibinigay na bilang na pagsubok?** Hintayin ang kanilang mga sagot. **Ngayon, sino sa inyo ang hindi nakalapit? Nahirapan ba kayong gawin ito? Minsan, ganito ang relasyon natin sa Diyos. Nararamdaman natin na napakalayo ng Diyos at hindi Niya naririnig ang ating mga panalangin. Ngayon, matututunan natin na hindi malayo ang Diyos at kinakalinga Niya tayo. Kaya, makinig tayong mabuti.**

WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:

➔ Biblia

➔ Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)

Sa loob ng napakahabang panahon, ang mga Israelita—mga taong hinirang ng Diyos—ay namuhay bilang mga alipin ng mga Egipcio. Nang panahong iyon, labis silang pinagtrabaho at minaltrato ng mga Egipcio—pinagtrabaho sila sa ilalim ng init ng araw at hindi sila binigyan ng sapat na oras upang makapagpahinga. Walang magawa ang mga Israelita, kundi ang sundin ang kanilang mga among Egipcio.

Bible Language
Ang *alipin* ay isang taong sapilitang pinagtatrabaho nang walang bayad.

Ngunit sa kabila ng lahat, hindi sila tumigil na manampalataya sa Diyos. Sumampalataya sila sa Kanya at naniniwala sila na naririnig at sasagutin ng Diyos ang kanilang mga panalangin. Araw at gabi, nananalangin silang mailigtas mula sa kanilang pagkaalipin. Dumadaing at umiiyak sila sa Diyos upang sila'y tulungan. At totoo nga, nakarating sa langit ang kanilang mga paghihinagpis at narinig sila ng Diyos. Nang makita ng Diyos ang kanilang kundisyon, naawa Siya sa kanila.

Nang panahong iyon, may isang Israelitang lalaki na nagngangalang Moises. Siya ay naninirahan sa Midian—isang disyertong bansa na katabi ng Egipto. Nagtatago si Moises. Dati rin siyang nanirahan sa Egipto. Sa katunayan, si Moises ang lalaking inampon ng prinsesa ng Egipto. Nasangkot siya sa kaguluhan nang sinubukan niyang ipagtanggol ang kanyang mga kababayan sa pagmamalabis ng mga among Egipcio. Ito ang dahilan kung bakit siya nagtatago sa Midian.

Isang araw, habang nagpapastol si Moises ng kanyang kawan ng tupa at kambing sa disyerto, nakarating siya sa bundok na tinatawag na Sinai, at nakakita siya ng isang nagliliyab na mababang punongkahoy. Nakita niya na nag-aapoy ang punongkahoy, ngunit kataka-taka, napansin niyang hindi ito nasusunog! Nang subukan ni Moises na lapitan ang punongkahoy, narinig niya ang boses ng Diyos.

"Moises! Moises!" Tumawag ang Diyos.

Pagkatapos, sumagot si Moises, "Narito po ako."



(Ipakita ang Teaching Picture.) Sinabi ng Diyos kay Moises na huwag lumapit at alisin ang kanyang sandalyas dahil siya ay nakatayo sa isang banal na lugar. Pagkatapos, sinabi Niya kay Moises, "Ako ang Diyos ng iyong ama at mga ninuno." Nang marinig niya ito, tinakpan ni Moises ang kanyang mukha dahil natakot siyang tumingin sa Diyos.

"Ang Aking bayan ay labis na naghihirap," sinabi ng Diyos. "Narinig Ko ang kanilang mga daing at Ako'y bumaba upang sila ay iligtas. Babalik ka sa Egipto at ihahatid mo sila sa lupain na ipinangako Ko na ibigay kay Abraham. Ngayon, ipapadala kita sa hari ng Egipto upang pangunahan ang Aking bayan palabas ng bansang ito."

Sinunod ni Moises ang utos ng Diyos at tinipon niya ang mga pinuno ng Israel. Sinabi niya sa kanila kung ano ang pinapasabi ng Diyos—na siya'y isinugo ng Diyos para iligtas at dalhin sila palabas ng Egipto. Sinabi niya na narinig ng Diyos ang kanilang mga daing at alam Niya ang tungkol sa kanilang paghihirap. Nang marinig ito ng mga Israelita, yumukod at sumamba sila sa Diyos.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Pananampalataya

Siguradong naging mahirap para sa mga Israelita ang pang-aalipin na ginawa sa kanila ng mga Egipcio. Sinaktan sila at pinagtrabaho nang kaunti lang ang pahinga. Ngunit sa halip na magreklamo sa kanilang mga amo, tumawag sila sa Diyos at dumaing sa Kanya na sila'y tulungan. Tunay nga na ito ay isang pagpapakita ng pananampalataya!

Kapag mayroon kang pananampalataya sa Diyos, ibig sabihin nito ay nagtitiwala at naniniwala ka sa Kanya kahit na hindi mo Siya nakikita. Pwedeng-pwedeng sumuko na lamang ang mga Israelita, pero pinagpatuloy nilang manampalataya sa Diyos kahit hindi nila alam kung paano sila ililigtas ng Diyos. Lingid sa kanilang kaalaman na sinusugo na rin Niya si Moises upang sila'y pangunahan!

Minsan sa buhay, malalagay tayo sa mahirap na mga sitwasyon—gaya ng kapag mayroon tayong mahirap na exam sa eskwelahan, kapag inaaway tayo ng ating mga kaibigan o kapag nag-aaway ang ating mga magulang—at mararamdaman natin na parang walang makakatulong sa atin at mag-isa lang tayo. Kasama natin ang Diyos at may ginagawa Siya sa ating mga buhay. Nariyan Siya sa oras ng kasiyahan at kalungkutan. Kung kaya't, bilang Kanyang mga anak at tulad ng mga Israelita na dumaing sa Kanya, kailangan nating sumampalataya sa Kanya at maniwala sa ating mga puso na naririnig Niya tayo at tayo'y Kanyang kinakalinga.

Reflection:
Naniniwala ka ba na naririnig ka ng Diyos kapag tumatawag ka sa Kanya? Naniniwala ka ba na kaya Niyang sagutin ang iyong mga panalangin? May mga nasagot na ba ang Diyos sa iyong mga panalangin?

WIND UP
(Review)

1. **Bakit dumaing ng tulong ang mga Israelita sa Diyos?** (Dahil minaltrato sila ng kanilang mga among Egipcio)
2. **Ano ang naramdaman ng Diyos nang makita Niya ang kundisyon ng Kanyang bayan?** (Naawa Siya sa Kanyang bayan.)
3. **Sino ang ginamit ng Diyos para iligtas ang mga Israelita?** (Moises)
4. **Nang malaman ng mga Israelita na bumaba ang Diyos at nakita ang kanilang kundisyon, ano ang kanilang ginawa?** (Yumukod at sumamba sila sa Kanya.)
5. **Sa inyong palagay, sinasagot ba ng Diyos ang mga panalangin? May sinagot na ba Siya sa iyong mga panalangin?**

WORK UP
(Life Response)

Noong nakaraang Linggo, natutunan natin kung ano ang kasalanan at pagsisisi. Natutunan din natin na dahil sa sakripisyo ni Cristo sa krus, nagkaroon tayo ng ugnayan sa Diyos. At dahil tinanggap natin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas ng ating mga buhay, naging bahagi tayo ng Kanyang pamilya. Ngayon, sino ang makakapagsabi sa akin kung sino ang pinuno ng pamilya? Hintayin ang kanilang mga sagot. **Oo, ang ama ang pinuno ng pamilya. Ano naman ang ginagawa ng isang ama?** Anyayahan sila na ibahagi kung anong iniisip nila. **Ang isang ama ang nagbibigay ng pangangailangan ng kanyang pamilya. Pinapangalagaan niya, ginagabayan niya, at higit sa lahat, pinakikinggan niya ang kanyang pamilya. Ang Diyos ang pinuno ng Kanyang pamilya at Siya ay isang napakabuting Ama! Binubuhay, pinangangalagaan, ginagabayan at pinakikinggan Niya tayo.**

Maari ninyong itanong: Ngunit paano tayo makakatakbo at makikipag-usap sa Diyos kung hindi natin Siya nakikita? Iyan ang silbi ng pananalangin. Ang pananalangin ang nagdurugtong sa atin sa Diyos. Ito ang oras kung saan maari nating sabihin sa Kanya lahat—ang ating mga inaasam, mga pangarap at kahit ang ating mga kinatatakutan. At ngayong bahagi na tayo ng Kanyang pamilya, maari na tayong makipag-usap sa Kanya anumang oras nating gusto!

Sa Mateo 6, ipinaliwanag din ni Jesus ang ibang bagay tungkol sa pananalangin. Sinabi Niya na kapag nanalangin tayo, kailangan nating magbigay ng papuri sa pangalan ng Diyos. Paano natin ito magagawa? Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagpapasalamat at pagpupuri sa Diyos para sa lahat ng mayroon tayo. Sinabi rin Niya na kapag nanalangin tayo, maari nating hingin ang mga bagay na kailangan natin—tulad ng pagkain at proteksyon—at katulad ng ginawa ng mga Israelita na pagtawag sa Kanya sa ating Bible story! At ang pinakamahalaga, itinuro rin ni Jesus na kapag nanalangin tayo, kailangan din nating hilingin sa Diyos ang kapatawaran sa ating mga kasalanan.

Ngayon, mag-practice tayong manalangin sa ating Ama sa langit. Tipunin ang mga estudyante nang pabilog. Manalangin ng simpleng dalangin bilang isang halimbawa, at i-encourage ang bawat bata na manalangin din nang malakas.

OPTIONAL CRAFT: Paper Cup Telephone

MATERIALS:
- Paper cups (dalawa para sa bawat estudyante)
- Colored markers
- Pushpin (para butasan ang ibaba ng paper cup)
- Yarn
- Optional: Mga beads

1. Isulat ang memory verse ngayong araw sa mga paper cup. Sa unang paper cup, isulat: *"Agad dinirinig daing ng matuwid;"* at sa isa namang paper cup, isulat: "*inililigtas sila sa mga panganib.* Awit 34:17" Pagkatapos, maari na ninyong i-decorate ang mga paper cup.
2. Kunin ang yarn at ipasok ito sa loob ng butas sa ilalim ng mga paper cup. Gumawa ng buhol mula sa loob at siguraduhing matibay ito. Gawin din ang ganito sa isang paper cup. **Tandaan:** Para sa mga gagamit ng beads, tahiin ang beads sa loob ng lata at patibayin ito ng pagbuhol.
3. Subukang gamitin ang Paper Cup Telephone sa pamamagitan ng paghawak ng isang tao ng isang paper cup sa kanyang tenga habang nagsasalita ka sa isang paper cup.

Sabihin, **Paalalahanan sana tayo ng ating mga paper cup telephones na kapag tayo ay tumawag sa Diyos, pakikinggan Niya ang ating mga panalangin!**

WRAP UP
(Closing)

Agad dinirinig daing ng matuwid; inililigtas sila sa mga panganib.
Awit 34:17

Ipasaulo ang verse sa mga estudyante. Pagkatapos, magwakas sa panalangin. Anyayahan silang bumalik sa susunod na Linggo!

LESSON 3

ANO ANG GAGAWIN KO SA BIBLIA?
(PAANO GAMITIN ANG BIBLIA)

BIBLE TEXT:
2 Hari 22:1-13; 23:1-3
(Si Haring Josias at Ang Nawawalang Aklat)

MEMORY VERSE:
Ang buod ng kautusa'y batay sa katotohanan, ang lahat ng tuntunin mo'y pawang walang katapusan. Awit 119:160

MAIN POINT:
Ang Biblia ay ang Salita ng Diyos. Gusto Niyang basahin natin at sundin kung ano ang nakasulat dito.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Pagiging Matapat

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. sabihin kung ano ang ginawa ni Haring Josias nang matagpuan ang Aklat ng Kautusan;
2. sumang-ayon na ang Biblia ay nagsasabi ng katotohanan at dapat basahin at sundin;
3. magsanay sa paghahanap ng mga verses sa Biblia.

WARM UP
(Game)

Assemble the Books of the Bible

PREPARATIONS:

- Pangalan ng mga aklat ng Lumang Tipan at Bagong Tipan na nakasulat sa mga piraso ng papel na sapat ang laki para mabasa kapag idinikit sa blackboard; gumawa ng dalawang set
- Mga Biblia
- Dalawang maliit na envelope para lalagyan ng mga piraso ng papel
- Masking tape
- Isang maliit na blackboard o isang bakanteng dingding

Hatiin ang klase sa dalawang grupo at bigyan ng Biblia ang bawat isa. Ibigay sa kanila ang mga envelope na naglalaman ng mga piraso ng papel at sabihin sa kanila na huwag buksan ang mga ito hangga't hindi mo sinasabi. Ang layunin ng laro na ito ay maiayos ang mga aklat ng Biblia nang sunud-sunod at idikit ang mga ito sa blackboard o dingding. Ang unang grupo na makakagawa nito ay mananalo ng premyo.

WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:

- Biblia
- Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)
- **Special props:** Isang Biblia at scroll na gawa sa parchment paper at mga wooden dowels

Walong taóng gulang pa lamang si Haring Josias nang siya'y maging hari. Naghari siya sa buong Jerusalem nang 31 na taon. At hindi tulad ng kanyang

ama't lolo, ginawa ni Haring Josias ang mga bagay na kalugud-lugod sa Panginoon. Sinundan niya ang mga yapak ng dakilang Haring David, sinunod niya ang lahat ng mga batas ng Panginoon.

Noong panahon ni Haring Josias, wala silang mga Biblia tulad ng kung ano ang mayroon tayo ngayon. **Itaas ang iyong Biblia.** Sa halip, gumagamit sila ng mga *scrolls*. **Ipakita sa kanila ang scroll na ginawa mo at ipasa ito paikot sa klase.** Kapag nakakatanggap ng mensahe ang mga tao mula sa Diyos, isinusulat nila ang mga ito sa mga scrolls.

Ngunit may panahon din na nawala ang mga scrolls na ito. Walang nakakaalam kung nasaan ang mga ito. Isang araw, nagpasiya si Haring Josias na ipaayos ang Templo. **Tanungin sila kung alam ba nila kung ano ang Templo.** Ang Templo ay ang bahay ng Panginoon. Ito ang lugar kung saan pumupunta ang mga tao para sambahin Siya. Habang inaayos ang Templo ng mga Israelita, natagpuan ng punong pari na si Hilkias ang isang mahalagang bagay—ang mga nawawalang scroll na naglalaman ng mga mensahe ng Diyos! Natagpuan niya ang Aklat ng Kautusan. Kaagad, ibinigay niya ito sa kalihim ng hari na si Safan. Iniulat ni Safan ang balita kay Haring Josias at binasa nang malakas ang Aklat sa kanya.

Nang marinig ni Haring Josias kung ano ang nakasulat dito, naunawaan niya na ang mga tao sa kanyang panahon at ang mga taong nauna sa kanya—sila na mga nasa paghahari ng kanyang ama't lolo—ay hindi sumusunod sa mga utos ng Panginoon. Ginawa nila ang kanilang mga gusto at sumamba sa mga rebulto at ibang mga diyus-diyosan. Pinunit ni Haring Josias ang kanyang mga damit at umiyak. Nalungkot siya at nagsisi.



(Ipakita ang Teaching Picture.) Pagkatapos, pinatawag niya ang mga leader ng kanyang kaharian. Umakyat siya sa Templo at sumama sa kanya ang lahat ng mga taong pinaghaharian niya, gayundin ang mga propeta at mga pari. Pumunta silang lahat—lalaki at babae, bata at matanda, mula sa pinakaimportante hanggang sa pinakamababa! Nagsama-sama ang lahat habang binabasa ni Haring Josias ang Aklat ng Kautusan upang marinig ng lahat. Binasa ito mula umpisa hanggang dulo, at silang lahat ay nakinig.

Nangako si Haring Josias na maglilingkod at susundin niya ang Panginoon at ang Kanyang mga kautusan. Ipinangako niyang susundin niya ito nang buong puso at kaluluwa. Bilang resulta, sumumpa rin sa pangakong ito ang lahat ng mga tao na kanyang pinaghaharian. Sama-sama nilang pinag-aralan at sinunod ang Salita ng Diyos.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Pagiging Matapat

Alam ni Haring Josias na gusto ng Diyos na ang Kanyang bayan ay sumunod sa kung anong nakasulat sa nawawalang Aklat—na napag-alaman nating ito pala ang mga kautusan ng Diyos. Kaagad, tinipon niya ang lahat sa kanyang kaharian upang makinig sa kanya habang binabasa niya ang laman ng mga scroll. Sa huli, nangako ang kabuuan ng Jerusalem na maglingkod muli sa Diyos ng Israel.

Nakita nyo ba ang ripple effect na inumpisahan ni Haring Josias? Nang natagpuan niya ang katotohanan tungkol sa mga kautusan ng Diyos, agad niyang ibinahagi ito sa lahat. Dahil dito, inialay muli nilang lahat ang kanilang mga buhay sa Diyos. Pero kung itinago ni Haring Josias ang katotohanan at namuhay siya sa paraan na gusto niya, maaring naghirap ang kanyang kaharian!

Ang mga Heroes ay tapat sa katotohanan. Si Haring Josias ay isang tunay na Hero dahil namuhay siya para ibahagi ang katotohanan ng Diyos at mailahad ito sa kanyang bayan. Masasamang tao ang kanyang mga ninuno, ngunit sa halip na siya'y sumunod sa kanila, sinunod ni Haring Josias ang Diyos at inialay niya ang kanyang buhay sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.

Reflection:
Matapat ka bang tao? Paano ka tumutugon kapag may nagwawasto sa inyo, at alam mong nagsasabi sila ng totoo?

WIND UP
(Review)

1. **Anong klaseng hari si Josias?** (Siya ay isang mabuting hari na ginawa kung anong nakakalugod sa Panginoon at sumunod siya sa Kanyang mga kautusan.)
2. **Sinong nakakita sa mga nawawalang scrolls? Ano ang kanyang ginawa pagkatapos niyang matagpuan ang mga ito?** (Natagpuan ito ng punong pari na si Hilkias habang inaayos ang Templo. Kaagad niyang ibinigay ang mga ito sa kalihim ng hari na si Safan.)
3. **Nang marinig ni Haring Josias kung ano ang mga nakasulat sa Aklat, ano ang ginawa niya?** (Pinunit niya ang kanyang mga kasuotan at umiyak. Ipinangako niya sa Diyos na paglilingkuran at susundin niya ang Kanyang mga kautusan.)
4. **Ano ang ginawa ng mga tao pagkatapos basahin sa kanila ni Haring Josias ang Aklat ng Kautusan?** (Tulad ni Haring Josias, inialay nila ang kanilang mga buhay sa paglilingkod at pagsunod sa Panginoon at sa Kanyang mga kautusan.)
5. **Naniniwala ba kayo sa kung anong nakasulat sa Biblia—ang Banal na Salita ng Diyos? Sa inyong palagay, mahalaga ba para sa atin na sundin ito? Bakit o bakit hindi?**

WORK UP
(Life Response)

Sa Bible story ngayong araw, natutunan natin na sa panahon ni Haring Josias, hindi kamukha ng ating mga Biblia ang mga Biblia nila noon. Sa halip, nakasulat sa mga scroll ang mga mensahe ng Diyos. Sa mga nakaraang taon, mas nagiging madaling basahin at madaling makakuha ng Biblia, lalo na ngayon na maari na rin tayong magkaroon ng Biblia sa ating mga tablet at mga smartphone! Ngunit, ito ang tanong: binabasa nyo ba ang inyong mga Biblia? Pataasin ang kamay ng mga nagbabasa ng kanilang mga Biblia. **Mahalaga para sa atin na basahin ang ating mga Biblia dahil dito natin mahahanap ang mga pangako at mga utos ng Diyos.**

Ngayon, maglalaro tayo ng isang masayang activity para masanay na kayo sa paghahanap ng mga verses sa ating Biblia. Ngunit bago natin gawin yan, kailangan nyong malaman kung ano ang bumubuo sa Biblia. Itaas ang inyong Biblia para makita ng lahat. Sabihin sa kanila, **Ang Biblia ay binubuo ng 66 na mga aklat. Ito ay nahahati sa dalawang mahalagang bahagi: ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan. Ang Lumang Tipan ay mayroong 39 na aklat, habang ang Bagong Tipan ay mayroong 27 na aklat. Sa bawat aklat, may mga chapters at verses.** Ipakita sa kanila na ang mga chapters ay ang malalaking numero, at ang mga verses ay ang maliliit na numero. **Ito ay nakakatulong sa atin na hanapin ang mga partikular na kwento, mga pangako at mga utos.**

Maghanda ng verses para sa isang Bible Relay activity. Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Bigyan ang bawat grupo ng isang Biblia. Siguraduhin na ang dalawang Biblia na gagamitin ay pareho ang version. Ang twist sa Bible Relay activity na ito ay sa halip na hahanapin lang ng mga estudyante ang Bible verse, ang Mentor ay pipili ng isang salita mula sa Bible verse at ang unang team na makakasigaw ng salita ang magkakapuntos. Halimbawa, ang verse ay Juan 3:16 at kailangan hanapin ng team ang ika-anim na salita—ang salita ay “pag-ibig.”

Pagkatapos ng laro, sabihin sa kanila, **Nahirapan ba kayo na hanapin ang mga partikular na verses sa Biblia? Ayos lang yan. Kailangan ng practice para masanay kayong maghanap ng mga verses. Kaya, siguraduhin ninyong maglalaan kayo ng oras para basahin at aralin ang inyong mga Biblia araw-araw!**

OPTIONAL CRAFT: Ancient Scrolls

MATERIALS:

- ➔ Brown construction paper (maari ring gumamit ng brown paper bags)
- ➔ Barbecue sticks (dalawa para sa bawat estudyante; maaring gumamit ng mga piraso ng kahoy)
- ➔ Glue gun at glue stick
- ➔ Markers
- ➔ Gunting
- ➔ Brown yarn (o twine)



Para sa mga mas nakababatang estudyante, maaring ihanda na ninyo ang mga scrolls na may mga nakadikit nang mga sticks. Ang kailangan na lang nilang gawin ay isulat ang memory verse at i-decorate ito ayon sa kanilang gusto.

1. Balutin ang dulo ng papel paikot sa barbecue stick ng isang beses. Patibayin ito gamit ang glue gun.
2. I-roll at hawakan ang papel hanggang matuyo ang mainit na glue.
3. Sa dulo ng bawat naka-roll na paper, dagdagan pa ng mainit na glue para patibayin ito.
4. Ulitin ang unang tatlong step sa kabilang bahagi ng papel.
5. Kapag tuluyang naidikit ang mga barbecue sticks sa bawat dulo, isulat ang memory verse ngayong araw sa scroll: *Ang buod ng kautusa'y batay sa katotohanan, ang lahat ng tuntunin mo'y pawang walang katapusan.* Awit 119:160
6. Pagkatapos sulatan ang papel, dahan-dahang i-roll ang papel paloob sa bawat dulo. Kumuha ng brown yarn (o twine) at itali ang dalawang rolls na magkasama.

WRAP UP

(Closing)

Ang buod ng kautusa'y batay sa katotohanan, ang lahat ng tuntunin mo'y pawang walang katapusan.
Awit 119:160

Ipasaulo ang verse sa mga estudyante. Pagkatapos, magwakas sa panalangin. Anyayahan silang bumalik sa susunod na Linggo!

LESSON 4

BAKIT KAILANGAN KONG MAGSAULO NG VERSES?
(PAGSASAULO NG NAKASULAT SA BIBLIA)

BIBLE TEXT:
Lucas 4:13 (Ang Pagtatagumpay ni Jesus Laban sa Tukso)

MEMORY VERSE:
Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman. Awit 119:11

MAIN POINT:
Ang Salita ng Diyos ang ating sandata laban sa panunukso ng kalaban.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Katapangan

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. sabihin kung paano napagtagumpayan ni Jesus ang tukso;
2. hilingin kay Jesus na bigyan sila ng katapangan upang gawin kung ano ang tama kapag sila ay natutuksong gumawa ng mali;
3. bigkasin ang lahat ng verses na kanilang nasaulo mula pa noong VBS.

WARM UP
(Game)

Protect Me

Para umpisahan ang laro, pumili ng dalawang manlalaro na gaganap ng role ng "Tempted" at "Temptor." Pagkatapos, sabihin sa klase na gumawa ng isang deretsong linya habang nakapatong ang kanilang mga kamay sa mga balikat ng manlalaro na nasa harapan nila. Tatayo sa dulo ng linya ang manlalaro na gaganap na Tempted at tatayo naman sa harap ng unang tao sa linya ang Temptor.

Ang layunin ng laro na ito ay maprotektahan si Tempted habang sinusubukan siyang hilahin ni Temptor. Kapag nahila na si Tempted, ang Mentor ay pipili ng bagong mga manlalaro para gumanap sa roles ng Tempted at Temptor. Maaring palaruin sila ng tatlo hanggang limang beses.

Pagkatapos ng laro, sabihin sa kanila, **Sa parehong paraan na ang Temptor sa ating laro ay hinabol ang Tempted, ang Diyablo ay humahanap ng iba't ibang paraan para tuksuhin tayo, para gumawa ng masasamang bagay na hindi kalugud-lugod sa Diyos. Matututuhan natin mula sa ating Bible story ngayong araw kung paano natin maiiwasan at malalayuan ang tukso. Sigurado akong magugulat kayo sa ating Main Character ngayong araw...**

WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:

- ➔ Biblia
- ➔ Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)



(Ipakita ang Teaching Picture.) Isang araw, dinala si Jesus ng Banal na Espiritu sa disyerto. Ginugol ni Jesus ang Kanyang oras doon sa

pananalangin at pag-aayuno. Habang Siya ay nag-aayuno, patuloy Siyang tinutukso ng Diyablo upang magkasala laban sa Diyos. Pagkalipas ng 40 na araw at 40 na gabi na walang pagkain, gutom na gutom na si Jesus. Kaya, lumapit ang Diyablo sa Kanya at sinabi, "Kung Ikaw ay Anak ng Diyos, utusan Mo ang batong ito na maging tinapay." Ngunit sinagot siya ni Jesus, "Nasusulat, 'Ang tao'y hindi lamang sa tinapay nabubuhay, ngunit sa bawat salita na nagmumula sa Diyos.'"

Bible Language

Ang pag-aayuno ay ang panahon kung saan hindi ka kakain sa loob ng ilang araw. Sa halip, gagamitin mo ang oras na ito sa pakikipag-usap at pakikinig sa Diyos.

Pagkatapos, dinala ng Diyablo si Jesus sa mataas na bundok at ipinakita sa Kanya ang lahat ng kaharian sa mundo. Sinabi niya kay Jesus, "Ibibigay ko sa Iyo ang kapangyarihan at kayamanang ito. Ipinagkaloob ito sa akin at maibibigay ko sa kaninumang naisin ko. Kaya kong ibigay ito sayo… yan ay kung sasambahin Mo ako." At muli, sinagot siya ni Jesus ng mga salita galing sa mga Kasulatan, "Nasusulat, 'Ang Panginoon mong Diyos ang dapat mong sambahin, at Siya lamang ang dapat mong paglingkuran!'"

Ngunit naging mapilit pa rin ang Diyablo. Dinala niya si Jesus sa tuktok ng Templo sa Jerusalem. Sinabi niya kay Jesus, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, tumalon Ka. Hindi ba't nasusulat na, 'Sa kanyang mga anghel, ika'y itatagubilin, sila'y uutusan upang ikaw ay ingatan,' at 'sa kanilang mga kamay, ika'y aalalayan, nang sa mga bato, paa mo'y hindi masasaktan'?" Ngunit sinabi sa kanya ni Jesus, "Nasusulat: 'Huwag mong susubukan ang Panginoon mong Diyos.'"

Tinukso ng Diyablo si Jesus sa lahat ng paraan, ngunit sa kabila ng kanyang pagpupursige, hindi nagtagumpay ang Diyablo—hindi kahit isa! Pagkatapos, iniwan ng Diyablo si Jesus at dumating ang mga anghel upang pagsilbihan si Jesus.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Katapangan

Ang katapangan, ayon sa sinasabi ng dictionary, ay "ang abilidad na gawin ang isang bagay na alam mong mahirap o mapanganib." Ang katapangan ay hindi kailanman magiging madali. Ito ay isang pag-uugali na hindi gusto ng karamihan. May mga tao na kahit alam na nila ang tama sa mali, ginagawa pa rin nila kung ano ang mali dahil mukhang mas madaling gawin ang mga ito—tulad na lang ng kapag hindi mo alam ang sagot sa isang tanong sa exam at itatanong mo sa katabi mo kung ano ang sagot. Mukhang mas madali nga itong solusyon, pero hindi ito kailanman magiging tama sa mata ng Diyos.

Magkaiba ang dalawang bagay na ito: ang malaman kung ano ang tama at ang gawin kung ano ang tama. At katapangan ang kailangan ng isang tao upang magawa niya ang tama. Alam ni Jesus sa Kanyang puso ang pagkakaiba ng tama sa mali. At ayon sa kung anong alam Niya, kumilos Siya nang naaayon dito. Sa kabila ng Kanyang gutom at pagod, hindi Siya sumuko sa mga panunukso ng Diyablo. Sa halip, binanggit Niya ang mga Kasulatan.

Minsan, nalalagay tayo sa mga sitwasyon kung saan nasusubok ang ating pagdedesisyon. Ginagawa ng Diyablo ang lahat ng kanyang makakaya para maloko tayo. **Ngunit bilang Heroes sa pamumuno ni Jesu-Cristo, nais Niya na tayo ay maging matapang—para gawin kung ano ang tama sa Kanyang mga mata.** Pinakita na Niya ang halimbawa… ibig sabihin nito, kahit gaano ito kahirap, ito ay posible!

Reflection:
Gumawa ka na ba ng isang bagay na alam mong mali ngunit ginawa mo pa rin? Tulad ng: pandaraya sa klase, pakikipag-away sa mga kaibigan o pagsagot ng pabalang sa mga magulang mo? Anong nangyari sayo pagkatapos mo itong gawin? Anong naramdaman mo?

WIND UP
(Review)

1. **Ano ang ginawa ni Jesus habang Siya ay nasa disyerto?** (Nanalangin at nag-ayuno Siya.)
2. **Bakit patuloy ang Diyablo sa panunukso kay Jesus?** (Gusto niyang magkasala si Jesus laban sa Diyos.)
3. **Ilang beses tinukso si Jesus ng Diyablo pagkatapos ng 40 araw?** (Tatlong beses)
4. **Ano ang ginagawa ni Jesus sa tuwing tinutukso Siya?** (Sinasagot Niya ang Diyablo gamit ang mga Kasulatan, ang Salita ng Diyos.)
5. **Anong mga kasalanan ang kadalasang natutukso kang gawin? Sa tingin mo ba, magagamit mo ang mga Kasulatan para labanan ang mga tuksong ito—tulad ng ginawa ni Jesus?**

WORK UP
(Life Response)

Nilabanan ni Jesus ang mga tukso ng Diyablo sa pamamagitan ng paggamit ng Kasulatan bilang Kanyang sandata. Pinapakita nito na makapangyarihan ang Salita ng Diyos! Tulad ni Jesus, nabubuhay tayo sa isang mundo kung saan palagi tayong inaasinta at tinutukso ng Diyablo. Tandaan nyo: ang hangarin ng Diyablo ay ilayo tayo mula sa Diyos. Gusto niyang magkasala tayo laban sa Diyos. Kailangan natin matutuhan ang strategy ng pakikipaglaban na ginawa mismo ni Jesus nang tinukso Siya ng Diyablo—kailangan nating matutuhan kung paano labanan ang tukso gamit ang Salita ng Diyos. Nagawa ito ni Jesus dahil lumaki Siyang binabasa at inaaral ito. Kabisado Niya ito.

Habang *VBS Shield Squad*, nagsaulo tayo ng isang Bible verse bawat araw. Sino sa inyo ang nakakaalala pa ng mga verses na ito? Hintayin ang kanilang mga sagot. Pagkatapos, humiling ng mga volunteer para i-recite ang memory verse para sa bawat araw sa *VBS Shield Squad.* Maghanda ng mga treats para sa mga makakapag-recite ng lahat ng mga memory verse sa VBS. Sabihin sa kanila na ang pagsaulo ng mga Bible verses na ito ay makakatulong sa atin na malabanan ang tukso, tulad ng ginawa ni Jesus!

Tapusin ang sesyon sa isang panalangin: **Panginoong Diyos, nagpapasalamat kami sa Iyo sa pagtuturo Mo sa amin ng halimbawa ni Jesu-Cristo. Dalangin namin na bigyan Mo po kami ng katapangan na gawin kung ano ang tama sa bawat oras na natutukso kaming gawin ang mali. Sana lagi naming maalala ang halimbawa ni Jesus. Ito ang aming dalangin sa ngalan ni Jesus. Amen.**

OPTIONAL CRAFT: Your Word in My Heart

MATERIALS:
- ➔ Construction paper (pula, itim at puti)
- ➔ Stapler
- ➔ Pulang ribbon
- ➔ Scotch tape

1. Para sa Mentors at Deputies: Para makatipid ng oras, ihanda nyo na ang mga pulang hugis-puso na mga cutouts, gayon din ang mga itim at puti na hugis-parihaba na cutouts.
2. I-distribute ang cutouts: isang pulang cutout na hugis-puso, isang itim na cutout na hugis-parihaba at tatlong puting cutouts na hugis-parihaba.
3. Isulat ang mga sumusunod na pangungusap sa bawat puting parihabang cutouts:
   - *Ang tao'y hindi lamang sa tinapay nabubuhay.*
   - *Ang Panginoon mong Diyos ang dapat mong sambahin, at siya lamang ang dapat mong paglingkuran!*
   - *Huwag mong susubukan ang Panginoon mong Diyos.*
4. Pagkatapos, isulat ang memory verse sa gilid ng cutout na hugis-puso. Ang memory verse ngayong araw ay: *Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman.* Awit 119:11
5. Ilagay ang itim na cutout na hugis-parihaba sa gitna ng cutout na hugis-puso. Sa ibabaw ng itim na cutout, ilagay ang tatlong puting cutouts sa tamang pagkakasunud-sunod. Pagkatapos, hayaan ang isang Deputy na i-staple ang mga ito nang magkakasama.
6. Idikit ang pulang ribbon sa likod ng cutout na hugis-puso. Ibaliktad ang cutout at hilahin ang pulang ribbon mula sa likod, ilagay ito sa gitna ng puso, gawin ito ng parang isang bookmark.

WRAP UP

(Closing)

Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman.
Awit 119:11

Ipasaulo ang verse sa mga estudyante. Pagkatapos, magwakas sa panalangin. Anyayahan silang bumalik sa susunod na Linggo!

LESSON 5

PAANO KO DAPAT PAKITUNGUHAN ANG AKING MGA KAKLASE SA SUNDAY SCHOOL? (PAG-AARAL NA MAKIPAMUHAY SA IBANG MGA MANANAMPALATAYA)

BIBLE TEXT:
Lucas 10:25-37 (Ang Mabuting Samaritano)

MEMORY VERSE:
Kayo'y maging mapagpakumbabá, mahinahon at matiyaga. Magmahalan kayo at magpasensiya sa isa't isa.
Efeso 4:2

MAIN POINT:
Nais ng Diyos na tayo'y maging magalang, mabait at mapangalaga sa ating mga kapwa mananampalataya, kahit saan pa man sila galing.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Pag-ibig

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. sabihin kung paano pinakitunguhan ng mabuting Samaritano ang lalaking binugbog;
2. mag-share ng iba't ibang paraan kung paano nila maipapakita ang kanilang pagmamahal sa kanilang mga kaklase sa Sunday school;
3. mangakong magpapakita ng respeto at malasakit sa isa't isa.

WARM UP
(Game)

Helping Relay

PREPARATIONS:

- ➔ Mga upuan, iayos nang pa-zigzag
- ➔ Mga bandage o anumang uri ng tela (lima para sa bawat grupo)
- ➔ Mga paper cup na may tubig (isa para sa bawat grupo)

Hatiin ang klase sa dalawang parehong grupo, depende sa bilang ng inyong mga estudyante. Sabihin sa bawat grupo na pumili ng isang manlalaro na gaganap bilang lalaking binugbog. Hihiga siya sa kabilang bahagi ng game center.

Bigyan ang bawat grupo ng limang bandages at isang basong tubig. Sa sandaling sabihin nyong "Go," isa-isang mag-uunahan ang mga grupo patungo sa "binugbog" na team member. Ang layunin ng laro na ito ay malagyan ng limang bandages ang "binugbog" na team member at mabigyan siya ng isang basong tubig, at makatakbo ang buong team pabalik sa kanilang pinagsimulan. Ang unang team na makakabalik sa pinagsimulan ang panalo.

Iugnay ang laro sa Bible story ngayong araw: **Kaibigan nyo ba ang mga teammates nyo? Kung sila ay nasaktan sa totoong buhay, tutulungan nyo ba sila tulad ng pagtulong nyo sa kanila sa game natin ngayon?** Hintayin ang kanilang sagot. **Minsan, pinipili lang natin ang mga taong gusto nating tulungan, kausapin o maging kaibigan. Ngunit may mga oras din na hiyang-hiya tayo na makipagkaibigan sa kanila. Ngayon, makikilala natin ang isang tao na ginawa ang kanyang makakaya para tulungan ang isang taong nasa mahirap na sitwasyon.**



WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:

➔ Biblia

➔ Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)

Mahilig si Jesus na magturo gamit ang mga talinghaga. Ang mga talinghaga ay mga maikling kwento na mayroong espiritwal o moral na lesson. Kilalang-kilala si Jesus sa Kanyang mga talinghaga. Isang araw, may isang dalubhasa sa batas ang tumayo at tinanong si Jesus, "Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkaroon ako ng buhay na walang hanggan?"

"Ano ang nakasulat sa Kautusan?" Sinagot siya ni Jesus, "Ano ang pagkakaintindi mo rito?"

Sinagot ng dalubhasa si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso at kaluluwa. Ibigin mo Siya nang iyong buong lakas at pag-iisip. Gayundin, ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng pag-ibig mo sa iyong sarili."

"Tama yan," sabi ni Jesus, "Ngayon, gawin mo yan at mabubuhay ka." Gayunman, ninais ng dalubhasa na siya ay magmukhang mas matalino. Tinanong niya si Jesus: "Sino ang aking kapwa?" Kaya, sinagot siya ni Jesus gamit ang talinghagang ito:

May isang lalaking naglalakbay mula sa Jerusalem at patungo siya ng Jerico. Pagkatapos, biglang hinarang siya ng isang grupo ng mga magnanakaw, hinubaran, binugbog at iniwan siyang mamatay na lamang sa daan.

Siguradong kinailangan ng lalaking binugbog ang lahat ng tulong na makukuha niya dahil hindi na niya kayang makatayo nang mag-isa. Ang unang dumaan at nakakita sa kanya ay isang pari. Patungo rin siya sa direksyong gaya ng lalaki, ngunit sa halip na tumulong, lumipat ang pari sa kabilang tabi ng kalye at patuloy na naglakad. Ang pangalawang dumaan ay isa namang Levita. Ang mga Levita ang mga namamahala sa paglilingkod sa Templo. Ngunit ginawa rin ng Levita ang ginawa ng pari, lumipat siya sa kabilang tabi ng kalye at patuloy na naglakad.



(Ipakita ang Teaching Picture.) Ang ikatlong dumaan ay ang isang Samaritano. Nang panahong iyon, hindi nakikihalo ang mga Judio at Samaritano sa isa't isa. Hindi sila nakikipag-usap o pumapasok sa bahay ng isa't isa. Ngunit nang makita ng Samaritano ang lalaking binugbog, naawa siya sa kanya. Imbis na lumipat sa kabilang tabi ng kalye, nilapitan ng Samaritano ang binugbog na lalaki, binuhusan ng langis at alak ang kanyang mga sugat, at binendahan ito. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala sa isang bahay-panuluyan. Inasikaso niya ang lalaki.

Ngunit hindi lamang tinulungan ng Samaritano ang binugbog na lalaki sa pamamagitan ng paggamot ng kanyang mga sugat at pagdadala sa kanya sa isang ligtas na lugar, binayaran din ng Samaritano ang lahat ng gastos. Nagbigay siya ng dalawang salaping pilak at ibinigay ang mga ito sa may-ari ng bahay-panuluyan at sabay sinabi, "Paki-asikaso siya. Kapag bumalik ako, babayaran kita kung higit pa riyan ang iyong magagastos."

Tinanong ni Jesus ang dalubhasa, "Kaya, sino sa tatlo sa palagay mo ang naging tunay na kapwa sa binugbog na lalaki?"

Sinagot ng dalubhasa si Jesus, "Ang taong naawa at nagpakita ng kabaitan sa kanya." Tapos, sinabi ni Jesus sa kanya, "Sige, ganoon din ang iyong gawin."

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Pag-ibig

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang isa sa pinakamahalagang kautusan na iniwan ni Jesus ay ang ibigin natin ang ating kapwa tulad ng pag-ibig natin sa ating sarili. At ang ibig sabihin niyan, kailangan nating ibigin ang mga taong nasa paligid natin—kabilang na rito ang ating mga pamilya, mga kaibigan, at kahit ang ating mga kaaway! Tulad ng ginawa ng Samaritano sa binugbog na lalaki, gusto ni Jesus na tulungan natin ang iba, lalo na yung mga nangangailangan. Isa sa maraming paraan upang maipakita natin ang pag-ibig natin sa Diyos at sa ating kapwa ay ang pagtulong sa iba. Kapag tinanggap natin ang pag-ibig ni Cristo para sa atin, kailangan nating maipasa ang pag-ibig na ito sa ibang tao. Kaya, isabuhay mo ang iyong pagiging Hero at umpisahan mo nang ibigin ang mga tao sa paligid mo—lalo na ang iyong mga kaaway!

Reflection:
Paano mo maipapakita ang pagmamahal mo sa ibang tao? Mangakong gumawa ng kahit isang kabutihan ngayong linggo tulad ng ipanalangin ang iyong mga kaibigan o tulungan ang iyong nanay sa mga gawaing bahay. Gayundin, paano mo maipapakita ang iyong kabutihan sa iba na itinuturing mong kaaway? Halimbawa: ipanalangin mo sila, anyayahan mo sila sa Sunday school o sa simbahan, ibahagi mo sa kanila ang Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo.

WIND UP
(Review)

1. **Saan papunta ang binugbog na lalaki nang siya ay sinalakay ng mga magnanakaw?** (Papunta siya ng Jerico.)
2. **Ano ang ginawa ng pari at ng Levita nang makita nila ang binugbog na lalaki na nakahiga sa daan?** (Pareho silang lumipat sa kabilang tabi ng kalye at basta lang dinaanan ang binugbog na lalaki.)
3. **Sino ang tumulong sa binugbog na lalaki? Paano siya tumulong?** (Ang Samaritano; binuhusan niya ng langis at alak ang mga sugat nito at binendahan, isinakay siya sa isang asno at dinala sa isang ligtas na lugar at binayaran ang lahat ng kanyang nagastos sa bahay-panuluyan.)
4. **Kung kayo ang nakakita sa binugbog na lalaki, gagawin nyo ba ang tulad ng ginawa ng Samaritano?**
5. **Kaya nyo bang gawin sa iba kung ano ang ginawa ng Samaritano sa binugbog na lalaki? Kaya nyo bang tumulong sa mga nangangailangan kahit na hindi mo sila mga kaibigan? Sa ating sariling kakayahan, maaring maging mahirap ito. Ngunit kay Jesus, posible! Nais mo bang hilingin kay Jesus na tulungan kang magkaroon ng malasakit at maging mabait ka kahit sinuman sila?** Maari mong bigyan ng sapat na oras ang mga estudyante upang manalangin nang kanya-kanya.

WORK UP
(Life Response)

Hindi magkasundo ang mga Judio at Samaritano. Ngunit kahit na ang binugbog na lalaki ay Judio, tinulungan pa rin siya ng Samaritano. Ginawa pa niya ang lahat ng makakaya sa pamamagitan ng pagbabayad sa lahat ng nagastos ng binugbog na lalaki. Tulad ng napag-usapan natin kanina, isang pagpapakita ng

pagmamahal ay ang pagtulong sa iba. Sa kabila ng kanilang mga pagkakaiba, masasabi natin na nagmalasakit pa rin ang Samaritano sa binugbog na lalaki. Isang kautusan na ipinakita mismo ni Cristo ay ang pag-ibig sa ating kapwa. Inibig Niya ang Kanyang mga disipulo at ang Kanyang mga kaaway, kahit ang mga pumatay sa Kanya!

Kaya nyo bang gawin ang ginawa ng Samaritano at ni Jesus? Paano nyo maipapakita ang inyong pag-ibig at malasakit sa ibang tao sa paligid nyo—tulad ng inyong mga kaklase sa Sunday school? I-encourage silang magbigay ng isang sagot at i-share ang kanilang mga ideya sa klase. Gumamit ng mga follow-up na tanong kagaya ng: **Maari ba kayong magbigay ng mga halimbawa kung paano nyo maipapakita ang pag-ibig nyo sa iba? Willing ba kayong paglingkuran sila at tulungan kung kinakailangan? Maipapangako nyo bang magiging mabait kayo sa isa't isa?**

OPTIONAL CRAFT: Helping Hand Group Craft

MATERIALS:

- Construction paper (iba't ibang kulay)
- Gunting
- Makulay na mga marker o krayola
- Scotch tape
- Mga lapis

1. I-distribute ang construction paper at sabihin sa mga estudyante na i-trace ang kanilang mga kamay sa papel gamit ang lapis.
2. Pagkatapos, sabihin sa kanila na gupitin ang hugis na ginawa nila. **Tandaan:** Mga Mentors at Deputies, pakitulungan ang inyong mga nakababatang mga Heroes sa step na ito.
3. Kapag meron na silang mga cutouts ng hugis ng kanilang kamay, sabihin sa kanilang isulat ang isang paraan kung paano nila maipapakita ang kanilang pag-ibig sa kanilang mga kaklase sa Sunday school.
4. Pagkatapos nilang maisulat ang kanilang mga sagot, sabihin sa kanila na i-tape ang kanilang cutouts na hugis ng kanilang mga kamay sa itinakdang dingding o lugar. **Tandaan:** Mga Mentors at Deputies, tulungan silang ayusin ang mga cutout na hugis ng kanilang mga kamay at bumuo ng isang malaking bilog.

WRAP UP
(Closing)

Kayo'y maging mapagpakumbabá, mahinahon at matiyaga. Magmahalan kayo at magpasensiya sa isa't isa.
Efeso 4:2

Ipasaulo ang verse sa mga estudyante. Pagkatapos, magwakas sa panalangin. Anyayahan silang bumalik sa susunod na Linggo!

LESSON 6

ANO BA ANG CHURCH?
(PAGKILOS BILANG BAHAGI NG PAMILYA NG DIYOS)

BIBLE TEXT:
Lucas 2:40-53 (Ang Batang si Jesus sa Loob ng Templo)

MEMORY VERSE:
Ako ay nagalak nang sabihin nila: "Pumunta na tayo sa bahay ni Yahweh." Awit 122:1

MAIN POINT:
Ang church ay kung saan tayo nagtitipon-tipon para aralin ang Salita ng Diyos, manalangin at sumamba sa Diyos, at ibahagi ang ating buhay sa isa't isa.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Pagkakaisa

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. ipaliwanag kung bakit pumunta si Jesus sa Templo;
2. sabihin kung ano ang church at kung ano ang dapat gawin ng mga miyembro ng church;
3. magpasyang dumalo sa pagsamba sa araw ng Linggo kasama ang kanilang teacher at mga kaklase sa Sunday school.

WARM UP
(Game)

Human Knot

Sabihin sa mga estudyante na gumawa ng isang bilog habang nakaharap sa isa't isa at magkahawak ang kanilang mga kamay. Kapag nakagawa na sila ng isang malaking bilog, sabihin sa kanila na isara ang kanilang mga mata at huwag ito bubuksan hangga't hindi mo pa sinasabi. Sa tulong ng mga Deputies, i-guide ang mga estudyante na gumalaw hanggang sila ay mabuhol na parang isang human knot, habang magkakahawak pa rin ang kanilang mga kamay. Ang layunin ng laro na ito ay magtulungan ang mga estudyante na matanggal ang kanilang mga sarili sa pagkakabuhol nila sa isa't isa. Para mas challenging, maari rin ninyong subukan na hayaan ang mga estudyante na matapos ang laro nang hindi nagsasalita.

Pagkatapos ng laro, tanungin sila: **Nahirapan ba kayong tanggalin ang pagkakabuhol nyo sa isa't isa? Kapag hindi kayo nagtulungan bilang isang team, hindi nyo maaalis ang pagkakabuhol nyo sa Human Knot.**

WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:

- Biblia
- Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)

Taun-taon, pumupunta sa Templo ng Jerusalem ang mga magulang ni Jesus na sina Jose at Maria para magdiwang ng isa sa mga pista ng mga Judio—ito ang Pista ng Paskwa. Ang Templo ay kung saan dumadalo ang mga nananampalataya at ang

Bible Language

Ang Pista ng Paskwa ay isang taunang pistang ipinagdiriwang ng mga Judio. Ipinapaalala nito ang panahon nang iniligtas sila ng Diyos mula sa pang-aalipin ng Egipto.

mga Judio para sumamba sa Diyos. Sa panahong ito, ang mga Judio mula sa iba't ibang bansa sa buong mundo ay dumadalaw sa Jerusalem. **Tumigil sandali at ipaliwanag sa mga estudyante na ang Templo sa Jerusalem ay tulad ng gusali ng ating church.** Pumupunta tayo rito para aralin ang Salita ng Diyos, manalangin, gumugol ng oras kasama ang ibang mananampalataya at sambahin ang Diyos.

Nang si Jesus ay 12 na taong gulang, umakyat ulit sila sa Jerusalem para ipagdiwang ang Pista ng Paskwa. Pero ngayon, isinama na nila si Jesus. Nang matapos ang pista, bumiyahe na ang mga magulang ni Jesus pabalik ng Nazaret, nang hindi namamalayan na ang batang si Jesus pala ay naiwan sa Jerusalem. Buong akala nila, kasama lamang Siya ng iba pa nilang mga kagrupo na naglalaro kasama ang mga ibang bata. Isang araw na silang naglalakbay nang malaman nila na nawawala Siya. Hinanap nila si Jesus sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan, ngunit hindi nila makita ang batang Jesus.

(Ipakita ang Teaching Picture.) Pagkatapos ng tatlong araw na paghahanap, natagpuan nila si Jesus sa loob ng Templo. Nakaupo Siya kasama ang mga guro, nakikinig at nagtatanong sa kanila. Lahat ng nakinig sa batang Jesus ay namangha sa lawak ng Kanyang pag-uunawa, lalung-lalo na nang Siya'y nagbigay ng mga kahanga-hangang mga kasagutan. Nang makita Siya nina Jose at Maria, namangha rin sila.

Tinanong ni Maria si Jesus, "Anak, bakit Mo naman ginawa ito sa amin? Lubha ang aming pag-aalala ng Iyong ama sa paghahanap sa Iyo!"

Ngunit sinagot siya ni Jesus, "Kailangan Kong mamalagi sa bahay ng Aking Ama." Tinutukoy ni Jesus ang Diyos Ama nang panahong iyon. Alam Niya na Siya nga talaga ay Anak ng Diyos.

Pagkatapos nito, dinala nina Jose at Maria pauwi ng Nazaret si Jesus. Sinunod ni Jesus ang Kanyang mga magulang sa lahat ng bagay. Lumaki Siya sa Nazaret at mas naging matalino at malakas. Gustung-gusto Siya ng mga tao sa Nazaret, at nalugod ang Diyos sa Kanya.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Pagkakaisa

Nang matagpuan si Jesus ng Kanyang mga magulang, nakaupo Siya kasama ang mga guro na nakikinig at nagtatanong. Gustung-gusto ni Jesus na Siya ay nasa Templo dahil ito ang bahay ng Kanyang Ama at dahil dito rin nagtitipon-tipon ang mga tao para sambahin ang Kanyang Ama.

Sa ating panahon, hindi tayo pumupunta sa Templo sa Jerusalem, pero nagpupunta tayo sa church tuwing Linggo. Ang church ay isang pagtitipon ng mga taong nananampalataya, nagmamahal at sumusunod kay Jesus. Dito tayo sama-samang nananalangin, nagbabasa at nag-aaral ng Salita ng Diyos, namamahagi ng ating mga biyaya sa isa't isa at sumasamba sa Diyos. Sa unang church na itinatag sa Jerusalem pagkatapos umakyat ni Jesus sa langit, ginawa rin ng mga mananampalataya ang mga bagay na ito. Nagkaisa sila. Nagtutulungan sila, lalo na yung mga mahihirap at mga may sakit. Ibinahagi nila ang kanilang mga biyaya sa isa't isa. At ang pinakamahalaga, inihayag nila ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa mga kilala nila!

Bilang mga Heroes ni Cristo, tinatawag Niya rin tayo na gawin din ang mga ito. Nais Niyang mamuhay tayo na kasundo ang iba pang mga mananampalataya. Nais Niya tayong makipagkasundo sa ating mga kaaway at siguraduhing ang mga buhay natin ay nakatuon lamang sa Kanya.

Reflection:
Gusto nyo bang umaattend ng Sunday school? Ano ang mga gusto nyo rito sa ating church at sa Sunday school?

WIND UP
(Review)

1. **Saan nagpunta si Jesus at ang Kanyang mga magulang at ano ang kanilang ipinagdiriwang?** (Nagpunta si Jesus at ang Kanyang mga magulang sa Templo sa Jerusalem para ipagdiwang ang Pista ng Paskwa.)
2. **Ano ang natuklasan ng mga magulang ni Jesus nang pauwi na sila pabalik ng Nazaret?** (Nawawala si Jesus!)
3. **Saan natagpuan nina Jose at Maria si Jesus?** (Natagpuan nila si Jesus sa loob ng Templo.)
4. **Ano ang ginagawa ni Jesus nang matagpuan Siya?** (Nakaupo Siya kasama ang mga guro, nakikinig at nagtatanong sa kanila.)
5. **Bakit nagpaiwan si Jesus sa Templo?** (Dahil gusto Niyang manatili sa bahay ng Kanyang Ama)

WORK UP
(Life Response)

Ayon sa ating mga natutunan, ang Templo ng Jerusalem ang lugar kung saan sumasamba ang mga Judio at ang mga mananampalataya ng Diyos. Ang Templo ang lugar kung saan sila nananalangin at nakikinig sa Salita ng Diyos. Sa ating panahon, saan tayo nagtitipon-tipon para manalangin at makinig sa Salita ng Diyos? Hintayin ang kanilang mga sagot. **Tama, pumupunta tayo sa church. Maraming nag-aakala na ang church ay ang gusali lamang kung saan sila sumasamba, ngunit sinasabi sa atin ng Biblia na hindi lang iyon ang church! Ang salitang "church" ay mula sa salitang Griego na *ekklesia*. Ibig sabihin nito ay "pagpupulong" o "pagtitipon." Kaya, ang ibig sabihin talaga ng church ay ang mga taong nasa loob nito! Ang church ay ikaw, ako at ang lahat ng tao na nasa loob ng gusaling ito!**

Sino na sa inyo ang tumanggap kay Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas ng kanyang buhay? Hintayin ang kanilang mga sagot. **Alam nyo ba na sa sandaling tinanggap nyo si Cristo sa inyong puso, agarang nagiging kabahagi na kayo ng pamilya ng Diyos? Oo, totoo yan. At bilang bahagi ng pamilya ng Diyos, tinatawag Niya tayo na gawin din ang mga ginawa ng sinaunang church** (Gawa 2:1-14; 2:42-47)**! Tulad ng sinaunang church, kailangan regular tayong makikipagtipon sa iba pang mga mananampalataya. Gusto ng Diyos na sama-sama tayong sumamba sa Kanya at mag-aral ng Kanyang Salita, tulad ng ginawa ni Jesus at ng mga Judio sa ating Bible story ngayong araw. Gayundin, kailangan nating ibahagi ang ating mga biyaya at magtulungan na ibahagi rin si Jesus sa iba pang mga tao.**

Hindi lang tayo ang mga taong narito sa church ngayon, di ba? Sinong makakapagsabi sa akin kung sinu-sino pa ang mga taong narito sa church? Pasagutin ang mga estudyante. **Tama! May mga ibang tao pa rito—mga lolo't lola, mga magulang, mga tiyo't tiya, mga kuya at ate—na pumunta rin dito para sambahin ang Diyos, papurihan Siya at makinig sa Kanyang Salita. Nais nyo ba silang makilala?**

Anyayahan ang mga estudyante na dumalo sa inyong church service sa susunod na Linggo. Kung ang service ay nauuna sa Sunday school, hilingin sa mga bata na dumating nang mas maaga para makasama mo sa pagdalo. Sabihan din sila kung paano sila dapat kumilos habang dumadalo sa sama-samang pagsamba. Siguraduhing naiintindihan nila na inaasahan silang maging masunurin, makinig at makilahok.

OPTIONAL CRAFT: Envelope Church



MATERIALS:

- ➔ Construction paper (iba't ibang kulay)
- ➔ Mga envelope
- ➔ Colored markers
- ➔ Glue
- ➔ Popsicle sticks

1. Idikit ang envelope sa construction paper nang nakabukas ang flap nito. Ito ang magiging gusali ng church. Gumuhit ng isang krus sa ibabaw at isang pintuan naman sa ibaba ng envelope.
2. Bigyan ang bawat estudyante ng tig-aapat o limang popsicle sticks at sabihin sa kanilang gumuhit ng mga mukha sa mga ito, na kumakatawan sa kanilang pamilya o kanilang mga kaibigan na kasama nilang pumunta sa church.
3. Pagkatapos, ilagay ang popsicle sticks sa loob ng envelope at patibayin ito gamit ang glue.
4. Isulat ang memory verse ngayong araw sa gitnang bahagi ng construction paper: *Ako ay nagalak nang sabihin nila: "Pumunta na tayo sa bahay ni Yahweh."* Awit 122:1

WRAP UP

(Closing)

Ako ay nagalak nang sabihin nila: "Pumunta na tayo sa bahay ni Yahweh."
Awit 122:1

Ipasaulo ang verse sa mga estudyante. Pagkatapos, magwakas sa panalangin. Anyayahan silang bumalik sa susunod na Linggo!

LESSON 7

BAKIT TAYO NAGKAKALOOB?
(PAGBIBIGAY PARA SA DIYOS)

BIBLE TEXT:
Exodus 35:4-9, 20-29; 36:2-7 (Ang mga Israelita, Kanilang mga Pantustos at ang Banal na Toldang Tipanan)

MEMORY VERSE:
Iniibig ng Diyos ang kusang nagbibigay nang may kagalakan. 2 Corinto 9:7b

MAIN POINT:
Nalulugod ang Diyos kapag nagkaloob tayo upang tumulong sa church at sa mga nangangailangan.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Kagandahang-loob

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. sabihin kung paano nagbigay ang mga Israelita ng mga kagamitan para magtayo ng Toldang Tipanan;
2. ipaliwanag kung bakit kailangan nilang magbigay nang may kagalakan sa Panginoon;
3. mangako na magbigay ng kanilang handog tuwing Linggo.

WARM UP
(Game)

Obey the Leader Line Up

Sabihin sa mga estudyante na bumuo ng isang deretsong linya. Para umpisahan ang laro, i-assign ang inyong Deputy bilang Leader na susundin ng mga estudyante. Ang layunin ng laro na ito ay magaya ng lahat ng manlalaro ang anumang action na gawin ng Leader.

Sa simula, ang Leader ay gagawa ng action sa loob ng limang segundo. Pagkatapos ng limang segundo, ang manlalaro na sumunod sa Leader ay gagawin ang unang action habang ang Leader ay gagawa na ng panibagong action. Pagkatapos uli ng limang segundo, ang Leader ay gagawa na naman ng panibagong action, habang ang susunod na manlalaro sa kanya ay kokopyahin ang pangalawang action na kanyang ginawa, at ang pangatlong manlalaro ay gagawin ang pinakaunang action at ganoon uli hanggang umabot ang action sa huling manlalaro sa linya. Ang manlalaro na hindi makakagawa ng tamang actions ay matatanggal mula sa laro.

Pagkatapos ng laro, tanungin sila: **Mahirap ba na sundin ang mga actions ng Leader? Sino sa inyo ang natuwa sa pagsunod kahit na nagmukha kayong katawa-tawa? Sino naman sa inyo ang nalito dahil sa dami ng mga actions?**

Ngayon, matututunan natin ang tungkol sa isa sa mga bagay na gusto ng Diyos na gawin natin, kahit na minsan, nahihirapan tayo. Ang mga Heroes na makikilala natin ngayong araw ay magtuturo sa atin ng isang bagay tungkol dito. Ating tingnan kung anong matututuhan natin mula sa kanilang mga buhay.

WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:

- ➔ Bible
- ➔ Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)

Matagal na panahon nang nakalipas, noong naglalakbay pa ang mga Israelita papunta sa kanilang sariling lupain at wala pa silang Templo, sinabi ng Panginoon sa leader ng mga Israelita na si Moises na gumawa ng isang Banal na Tolda para sa Kanya. Sinabi ng Panginoon na ang Tolda—o ang Tabernakulo—ay kung saan Siya sasambahin ng Kanyang bayan.

Sama-samang tinipon ni Moises ang mga Israelita. Ipinahayag niya ang sinabi ng Diyos sa kanya para hilingin na magdala sila ng kanilang mga handog. Ang mga handog ay gagamitin para makagawa ng Banal na Tolda, gayon din para makagawa ng mga kasuotan para sa mga pari na maglilingkod sa Tabernakulo.

Nang malaman ng mga tao ang tungkol sa mga kagamitan na maari nilang ihandog, kaagad silang nagsiuwi upang ihanda ang kanilang mga ihahandog para sa Banal na Tolda. Dumalo ang lahat ng nais maghandog. Nagdala sila ng mga palamuti, mga hikaw, mga singsing, mga kwintas at iba't ibang uri ng gintong mga alahas at ibinigay nila ang mga ito sa Panginoon. Nagdala ang mga Israelitang leader ng mga pinakamagandang bato at alahas, tulad ng mga diamante, mga ruby at emerald! Nagdala ang iba ng mga pinakamahal at pinakamagagandang tela, tulad ng mga pinong lino, lana, tela ng balahibo ng kambing at pinong balat. Nagdala ang iba ng pilak at tanso, habang nagdala naman ang iba ng sinulid na lino na sarili nilang gawa. Nagdala ang iba ng mga pabango para sa insenso at langis para gamitin sa ilawan.

Maluwag sa kalooban at masayang nagbigay ang mga Israelita ng kung anong mayroon sila para sa Panginoon at sa Kanyang Banal na Tolda. Ibinigay nila kung anong hiniling at iniutos ng Diyos.



(Ipakita ang Teaching Picture.) Agad, nag-umpisa na ang paggawa ng Banal na Tolda. Pinili ng Diyos at binigyan ng mga kakayahan at abilidad na kailangan para magtrabaho ang ilang mga Israelita. Sila ay mga karpintero, panday, taga-disenyo na marunong magtahi at may alam sa pananahi! Maluwag sa kalooban at masayang nagtrabaho ang mga taong ito sa kanilang paggawa ng Banal na Tolda.

Dumaan ang maraming araw. Patuloy pa ring nagdala ng kanilang mga handog ang mga Israelita para sa Banal na Tolda. Hindi na sila pinaalalahanan para maghandog. Tuwing umaga, patuloy silang nagbibigay ng kanilang mga handog—nang buong puso at may saya! Napakaganda ng problema ni Moises. Sobra-sobra na ang mga handog na ibinigay ng mga Israelita na kailangan para sa Banal na Tolda. Kung kaya't nagbigay si Moises ng kautusan para sa lahat ng mga Israelita. Sinabihan niya ang mga ito na itigil na ang pagbibigay ng handog para sa Banal na Tolda. Sobra-sobra na sa kanilang kailangan ang mga handog na kanilang natanggap!

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Kagandahang-loob

Mayroong isang kaugalian ang mga Heroes sa lesson natin ngayon na nais ng Diyos na magkaroon din tayo—ito ay ang kagandahang-loob. Nagbigay ang mga Israelita kung anong mayroon sila para sa paggawa ng Banal na Tolda. Ibinigay nila ang buo nilang makakaya—nang maluwag sa kalooban at may kasiyahan.

Ang kagandahang-loob nila ang dahilan kung bakit sila ay mga Heroes. **Hindi magdadalawang-isip ang mga Heroes kung sila ba ay magbibigay ng handog sa Diyos or hindi... sila ay magbibigay nang may kagandahang-loob.** Ang kagandahang-loob ay hindi lamang makikita sa pagbibigay ng pera. Maari din nating makita ito kapag tayo ay naghandog ng papuri, pagtapik sa balikat ng kaibigan kapag may nagawa silang magaling o di kaya'y kapag gumugol tayo ng ating oras para tulungan ang ating mga churchmates o manilbihan sa church!

Tulad ng mga Israelita, ihandog natin sa Diyos ang ating pera, oras, kahusayan, kakayahan at ang ating mga papuri—ang pinakamagandang maari nating ibigay at mas higit pa sa kung anong kaya natin!

Reflection:
Sa anong mga paraan mo kayang maging Hero na may kagandahang-loob?

WIND UP
(Review)

1. **Bakit hiniling ni Moises sa mga Israelita na magbigay sila ng mga handog?** (Ito ay para sa paggawa ng Banal na Tolda.)
2. **Para saan ang Banal na Tolda?** (Ito ay isang banal na lugar na ginawa para sa Diyos; ito ang Kanyang tirahan dito sa lupa.)
3. **Anu-ano ang mga handog na ibinigay ng mga Israelita sa Banal na Tolda?** (Nagbigay ang mga Israelita ng iba't ibang uri ng gintong alahas, mga pinakamagandang bato, gaya ng diamante, ruby at emerald, mga pinakamagandang tela, gaya ng pinong lino, lana, tela ng balahibo ng kambing, at pinong balat, at pilak at tanso, pabango at langis ng olibo.)
4. **Bakit inutos ni Moises na tigilan na ng mga Israelita ang paghahandog?** (Dahil naibigay na nila ang mas higit pa sa kinakailangan; ang mga kinailangan na kagamitan para sa Banal na Tolda ay kumpleto na.)
5. **Ano ang attitude ng mga Israelita habang sila ay nagbibigay ng kanilang mga handog?** (Nagbigay sila nang maluwag sa kalooban at may kasiyahan!)

WORK UP
(Life Response)

Ang mga handog na ibinigay ng mga Israelita para sa Banal na Tolda ay kahanga-hanga, di ba? Ang mas kahanga-hanga pa ay ang katotohanan na nagbigay sila nang maluwag sa loob at may kasiyahan. Walang sinuman sa buong Israel ang pumilit sa kanila na gawin ito. Sino ang makakapagsabi sa akin kung ano ba ang mga handog? Tanungin ang mga estudyante. **Tulad sa panahon ng mga Israelita, ang mga handog ay ang pera o kagamitan na ibinibigay ng mga tao para gamitin sa paglilingkod sa Diyos. Ginagamit ang mga ito ng church para tulungan ang mga nangangailangan, lalo na ang mga may sakit. Ginagamit ang mga ito para masuportahan ang mga pastor at mga naglilingkod sa church na inialay ang kanilang mga buhay para matutuhan natin ang Salita ng Diyos. Ginagamit din ang mga ito para turuan at suportahan ang mga misyonero na naglalakbay sa iba't ibang bansa para ibahagi ang ebanghelyo. Napakalayo ng nararating ng ating mga handog! Ngunit tandaan natin na hindi dapat ito gamitin para sa personal na dahilan, pero dapat palaging para sa ikabubuti ng ating church.**

Lahat ng meron tayo ay mula sa Diyos. Kaya, bilang tugon sa mga ibinigay at kagandahang-loob na patuloy na ibinubuhos sa atin ng Diyos, kailangan nating ibalik sa Kanya ang bahagi mula sa Kanyang mga biyaya. Kailangan din nating magbigay ng mga handog nang maluwag sa ating kalooban at may kasiyahan! Sinasabi sa atin ng Biblia na *"iniibig ng Diyos ang kusang nagbibigay nang may kagalakan"* (2 Corinto 9:7b)**. Kapag tayo ay nagbigay nang maluwag sa ating kalooban at may kagalakan sa ating mga puso, labis na nalulugod ang Diyos!**

Bilang mga bata, hindi pa kayo kumikita ng sarili ninyong salapi. Kaya, paano kayo makapagkakaloob sa Diyos? Hayaang mag-isip ang mga estudyante ng iba't ibang paraan. Sabihin sa kanila na maari silang magtabi ng bahagi ng baon nila linggu-linggo para maibigay bilang kanilang kaloob. Isa pang paraan ay ang ipunin ang

perang nakukuha nila tuwing may espesyal na okasyon—kagaya ng kanilang birthday o tuwing Pasko. Ipaalam sa kanila na nauunawaan ng Diyos ang kanilang kalagayan (dahil maari ang iba sa kanila ay talagang walang pera). Sabihin sa kanila na mas tinitingnan ng Diyos ang ating mga puso kaysa sa ating mga pera.

Magbibigay ba kayo ng inyong offering sa Diyos tuwing Linggo mula ngayon? Hayaang sabihin ng mga estudyante ang kanilang commitment.

OPTIONAL CRAFT: Money Pouch

MATERIALS:

- Colored na felt paper (ginupit nang parisukat; maari ding gumamit ng construction paper)
- Colored markers
- Stapler

1. Kunin ang ilalim na bahagi ng parisukat at itupi nang pataas, mag-iwan ng isang pulgada para sa flap.
2. I-staple ang mga gilid nang magkasama.
3. I-distribute ang colored markers at hayaang i-decorate ng mga estudyante ang kanilang mga money pouch.

WRAP UP
(Closing)

Iniibig ng Diyos ang kusang nagbibigay nang may kagalakan.
2 Corinto 9:7b

Ipasaulo ang verse sa mga estudyante. Pagkatapos, magwakas sa panalangin. Anyayahan silang bumalik sa susunod na Linggo!

LESSON 8

PAANO KO MATUTULUNGAN ANG IBA NA SUMAMPALATAYA KAY JESUS? (PAGBABAHAGI NG IYONG PANANAMPALATAYA)

BIBLE TEXT:
Mga Gawa 10 (Si Pedro at si Cornelio)

MEMORY VERSE:
Gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa.
Mateo 28:19b

MAIN POINT:
Maari nating tulungan ang iba na maging alagad ni Jesus sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila ng mga kwento sa Biblia at pag-anyaya sa kanila sa iglesya.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT:
Pagkamasunurin

LESSON OBJECTIVES:
Sa lesson na ito, magagawa ng mga Heroes na

1. sabihin kung paano nakilala ni Cornelio ang Panginoong Jesu-Cristo;
2. ipakita ang kanilang willingness para sundin ang mga kautusan ni Jesus at ibahagi ang Magandang Balita;
3. magsanay na mag-share ng Magandang Balita.

WARM UP
(Game)

The Sorting Activity

Tipunin nang sama-sama ang mga estudyante, at bumuo ng isang bilog. Sabihin sa kanila na kapag tinawag mo ang isang category na naglalarawan sa kanila, tatayo sila sa gitna ng bilog. Pagkatapos, pabalikin sila sa kanilang mga lugar bago mo tawagin ang susunod na category. Narito ang mga halimbawa ng mga category:

- → Lahat ng batang nakasuot ng sandalyas
- → Lahat ng batang nakasuot ng palda
- → Lahat ng batang may brown na mata
- → Lahat ng batang may itim na buhok
- → Lahat ng batang may medyas na suot
- → Lahat ng bata na berde ang paboritong kulay
- → Lahat ng batang may kapatid na babae
- → Lahat ng batang may kapatid na lalaki
- → Lahat ng batang may alagang aso
- → Lahat ng batang may alagang pusa

Pagkatapos ng laro, sabihin sa kanila: **Noon, inakala ng mga ibang tao ang pag-ibig ng Diyos ay para lamang sa mga partikular na tao—ang mga Judio. Tutal, sila naman talaga ang mga taong hinirang ng Diyos. Ngunit ang Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo ay para sa lahat! Ngayon, matututuhan natin ang tungkol sa isang lalaki na hindi Judio pero hinanap niya ang Diyos. Alamin natin kung natagpuan ng lalaking ito ang kanyang hinahanap at kung paano.**

WISE UP
(Bible Discovery Time)

PREPARATIONS:
- ➔ Biblia
- ➔ Teaching Picture (I-download mula sa aming website, i-print at kulayan.)

Bible Language

Ang *pangitain* ay isang panaginip na mula sa Diyos. Ang mga taong nakakatanggap ng pangitain ay kadalasang gising.

Kadalasang nagbibigay ang Diyos ng mga pangitain sa mga tao upang maipakita sa kanila kung ano ang Kanyang gagawin o kung mayroon Siyang ibubunyag.

Minsan, may lalaki na ang pangalan ay Cornelio. Isa siyang centurion na nakatira sa Cesarea. Ang centurion ay kapitan ng isang batalyong sundalo na mga Romano. Kahit na hindi sila mga Judio, siya at ang kanyang pamilya ay matapat na mananampalataya ng Diyos. Nananalangin siya sa Diyos. Mapagbigay rin siya sa mga nangangailangan.

Isang araw, bandang alas tres ng hapon, nagkaroon ng pangitain si Cornelio. Malinaw niyang nakita ang isang anghel ng Diyos. Dumating ang anghel at tinawag siya, "Cornelio!" Takot at nagulat, sumagot siya, "Ano po iyon, Panginoon?"

Tapos, sinabi sa kanya ng anghel, "Ang iyong mga panalangin at mga handog sa mga tao ay tila para bang handog mo sa Diyos. Dahil dito, naalala ka Niya. Kaya, magsugo ka ng mga tao papuntang Joppa. Ipahanap mo ang isang lalaking nagngangalang Pedro at dalhin nyo siya rito."

Kaagad tinawag ni Cornelio ang dalawa niyang utusan at isa sa kanyang mga sundalo. Sinabi niya ang lahat ng sinabi ng anghel ng Diyos at isinugo niya ang mga ito papuntang Joppa para sunduin si Pedro.

(Ipakita ang Teaching Picture.) Nang sumunod na araw, habang papalapit na ang mga tao ni Cornelio sa Joppa, umakyat si Pedro sa bubong ng bahay kung saan siya namamalagi para manalangin. Nagutom siya at ninais niyang kumain. Habang hinihintay niyang maihanda ang kanyang pagkain, nagkaroon siya ng pangitain. Nakita niyang bumukas ang langit at may isang parang malaking kumot na bumababa, na may lamang iba't ibang uri ng hayop na lumalakad, pati na rin ang mga gumagapang at lumilipad.

Bigla siyang tinawag ng isang boses at sinabi sa kanya, "Tumayo ka, Pedro! Magkatay ka at kumain!"

Sinagot naman ito ni Pedro, "Hindi po, Panginoon! Ayoko po, isa po akong Judio. Hindi pa ako nakakain kailanman ng anumang marumi." Pagkatapos, nakipag-usap muli sa kanya ang boses, "Huwag mong ituturing na marumi ang nilinis na ng Diyos."

Habang pinag-iisipan ni Pedro ang ibig sabihin ng pangitain ng Diyos, kinausap siya ng Banal na Espiritu. Sinabi ng Espiritu, "Pedro, may tatlong tao na naghahanap sa iyo. Tumayo ka at bumaba. Sumama ka sa kanila dahil pinadala ko sila para sunduin ka."

Sinunod ni Pedro ang Banal Espiritu at sinabi niya sa mga lalaki, "Ako ang hinahanap nyo. Bakit kayo pumunta dito sa Joppa?" Sinagot siya ng mga lalaki, "Sinugo kami ni Cornelio para dalhin ka sa Cesarea. Mabuti siyang tao at sumasamba sa Diyos. May isang anghel na nagsabi sa kanya na anyayahan kang pumunta sa kanyang bahay."

Nang dumating si Pedro at ang mga lalaki sa Cesarea, sabik si Cornelio na makita siya. Sa kanyang bahay sa Cesarea, tinipon ni Cornelio ang kanyang buong pamilya at mga kamag-anak para pakinggan kung ano ang

iniutos ng Diyos na sabihin ni Pedro. Nang makita ni Cornelio si Pedro, nagpatirapa siya sa paanan ni Pedro! Kaya sinabi ni Pedro sa kanya, "Tumayo ka. Tao lang din ako tulad niyo."

Hinihintay si Pedro ng isang malaking grupo ng tao na dumating. Sa panahon ng ating kwento, hindi pwedeng makipag-usap ang mga Judio sa mga Hentil, lalo na ang pumasok sa bahay ng mga Hentil! Ngunit walang makakapigil sa pagbabahagi ng Magandang Balita ni Jesu-Cristo. Kaya, pumasok si Pedro sa loob ng bahay at inihayag niya ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo at kung papaano Siya susundin ng mga Hentil. May pananabik na nakinig ang lahat kay Pedro. Sa huli, sumampalataya silang lahat kay Jesu-Cristo!

Habang nakikinig sila sa inihahayag na Magandang Balita, bumabâ ang Banal na Espiritu sa lahat ng mga nakikinig. Nagsimula silang magsalita sa iba't ibang wika at nag-umpisa silang magpuri sa Diyos! Nabautismuhan sa tubig si Cornelio at ang lahat ng mga Hentil na naroroon. Pagkatapos, hiniling nila kay Pedro na manatili pa roon ng ilang araw.

Bible Language

Ang salitang *Hentil* ay tumutukoy sa sinumang tao mula sa ibang bansa sa mundo na hindi Judio.

HERO CHARACTERISTIC HIGHLIGHT: Pagkamasunurin

Mahirap maging masunurin lalo na kung hindi natin nauunawaan ang sitwasyon. Nang binigyan si Pedro ng pangitain ng malaking puting kumot na may dalang mga hayop at utusan siyang kumain ng "maruming" hayop sa paningin ng mga Judio, sinunod pa rin niya ang utos ng Diyos.

Masunurin ang mga Heroes. Lagi nilang sinusunod ang sinasabi ng Diyos na gawin nila at naninindigan sila na sasabihin nila ang katotohanan anuman ang mangyari. Tao lamang tayo. Hindi tayo natutuwa kapag inutusan tayo ng ibang tao o, mas malala pa, pagbawalan tayong gawin ang mga bagay na gusto nating gawin. Pero tinatawag tayo ng Diyos na maging masunurin sa ating mga magulang, mga guro at sa iba pang mga nakatataas sa atin—gaya rin ni Pedro na tinawag para ihayag ang Magandang Balita sa mga Hentil.

Isa si Pedro sa mga Heroes na maari nating gayahin sa tuwing nahihirapan tayong sumunod sa mga inuutos sa atin na gawin. Maaring isa sa mga gawaing nahihirapan tayong gawin ay ang pagbabahagi ng ating pananampalataya, lalo na kapag hindi naman interesado ang ating mga kaibigan sa Salita ng Diyos, di ba? Pero dahil tayo ay naatasang ibahagi ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa ibang tao, kailangan nating harapin ang ating misyon nang may tapang, nang hindi nagrereklamo o nagtatanong—katulad ni Pedro!

Reflection:
Paano mo maipapakita ang iyong pagsunod sa iyong mga magulang? Sa mas nakatatanda mong mga kapatid o iyong mga guro?

WIND UP
(Review)

1. **Sino si Cornelio?** (Isa siyang centurion na matapat na sumasamba sa Diyos.)
2. **Ano ang sinabi ng anghel ng Diyos kay Cornelio na gawin?** (Sinabi niya kay Cornelio na narinig ng Diyos ang kanyang mga panalangin at nakita Niya kung paano siya nakikitungo sa mga mahihirap, kung kaya't naalala siya ng Diyos. Sinabi niya kay Cornelio na magpadala ng kanyang mga tao papuntang Joppa para sunduin si Pedro at dalhin siya sa Cesarea.)

3. **Ano ang nakita ni Pedro sa kanyang pangitain?** (Nakita ni Pedro sa kanyang pangitain na bumukas ang langit at bumaba ang isang malaking puting kumot na may lamang mga hayop. May boses na nagsabi sa kanya na magkatay at kumain. Tumutol si Pedro at sinabi niya na siya ay isang Judio at hindi siya kumakain ng anumang marumi. Ngunit sinabi ng boses na huwag niyang ituturing na marumi ang nilinis na ng Diyos.)
4. **Ano ang ginawa ni Pedro nang dumating siya sa Cesarea?** (Kasama ang kanyang pamilya at mga kamag-anak, sinalubong siya ni Cornelio. Sa kabila ng pagiging Judio, inihayag ni Pedro ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa kanila.)
5. **Ano ang nangyari nang maipahayag ni Pedro ang Magandang Balita sa mga Hentil?** (Sumampalataya ang mga Hentil kay Jesus at bumabâ ang Banal na Espiritu sa kanila. Tapos, nagsimula silang magsalita ng iba't ibang wika at nag-umpisa silang magpuri sa Diyos! Nabautismuhan silang lahat sa tubig.)

WORK UP
(Life Response)

Kapag may nalaman kayong bagay na kahanga-hanga, ano ang kadalasan nyong ginagawa o sinasabi? Pasagutin ang mga estudyante. Bigyan sila ng mga clue: i-share ang balita sa kanilang mga kaibigan o sabihin ito sa kanilang mga magulang. **Kapag may nalaman tayong bagay na kahanga-hanga, madalas nating sinasabi ito sa ibang tao, di ba? Lalo na sa ating mga pamilya at mga kaibigan! Namuhay si Pedro na ibinabahagi ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa lahat ng mga taong nakasalamuha niya. Hindi naging mahalaga kung sila man ay Judio o Hentil, sinunod ni Pedro ang kautusan ni Jesu-Cristo na humayo at ilaganap ang ebanghelyo sa mundo. Sino sa inyo ang nakasubok nang ibahagi ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa inyong mga pamilya at kaibigan?** Pataasin sila ng mga kamay at pasalamatan ang mga sagot. **Tulad ni Pedro, tinawag din tayo ng Diyos na ibahagi ang Magandang Balita sa ibang tao.**

Kung hindi nyo alam kung paano ibahagi ang Magandang Balita sa inyong mga pamilya at mga kaibigan, narito ang ilang mga paraan:

1. **Ipakilala sila sa inyong mga paboritong heroes mula sa ating mga tinalakay na Sunday school lessons at sabihin sa kanila ang mga magagandang bagay na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng mga taong ito.**
2. **Ibahagi ang mensahe ng Magandang Balita sa kanila sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga gospel-sharing tools na natutunan natin sa *VBS Shield Squad*.**
3. **I-recite sa kanila ang mga paborito nyong Bible verses at sabihin sa kanila kung bakit naging paborito nyo ang mga ito.**
4. **I-share sa kanila ang mga crafts na ginawa natin.**
5. **Ipakita sa kanila sa pamamagitan ng inyong salita at inyong mga gawa na kayo ay isang alagad ni Jesu-Cristo at kayo'y isang Hero in the making!**

Sabihin sa mga estudyante, **Bilang mga Heroes ng Panginoong Jesu-Cristo, kasama sa ating responsibilidad ay ang pagpapalaganap ng Magandang Balita. Ngayon, sino sa inyo ang nais sundin ang kautusan ni Jesus na ibahagi sa iba ang Magandang Balita?** Pataasin sila ng kamay. Maari mong tapusin ang session na ito sa isang pananalangin ng pasasalamat sa Diyos. Hilingin mo na Kanyang gabayan ang mga nagtaas ng kanilang mga kamay sa kanilang pagsisimula sa pagbabahagi ng Magandang Balita sa kanilang mga pamilya at mga kaibigan.

Mga Mentors, maari nyo ring sabihin sa inyong mga estudyante na pwede nilang dalhin ang kanilang pamilya at mga kaibigan sa Sunday school at sa church para maranasan din nila na makipag-fellowship kasama ang mga mananampalataya ni Jesus, makinig sa Salita ng Diyos, makilala si Jesu-Cristo at malaman kung sino Siya!

OPTIONAL CRAFT: Colorful Light Ray Cross

MATERIALS:

- ➔ Puting bond paper
- ➔ Cardboard na ginupit sa hugis ng isang krus
- ➔ Mga krayola o oil pastel

1. Kulayan ang mga gilid ng cardboard na krus ng iba't ibang kulay.
2. Ilagay ang krus sa ibabaw ng puting bond paper. Gumamit ng isang daliri para punasan ang oil pastel (o krayola) palabas ng krus at papunta sa puting bond paper para makagawa ng makukulay na sinag.
3. Alisin ang krus mula sa puting bond paper para ibunyag ang magandang outline ng krus na ginawa nyo!

WRAP UP

(Closing)

Gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa.
Mateo 28:19b

Tapusin sa panalangin. Anyayahan sila na bumalik sa susunod na Linggo!

Origami Blinking Eye Craft



1. Simulan sa isang parisukat na piraso ng papel, nakaposisyon na parang diamond.



2. Itupi ang ibabaw na bahagi pababa; diinan at buklatin. Itupi ang kaliwang bahagi pakanan, tupiin at buklatin.



3. Itupi ang ibabaw at ibabang bahagi papunta sa gitna.



4. Muli, itupi ang ibabaw at ibabang dulo papunta sa gitna.



5. Alisin sa pagkakatupi ang lahat ng tiklop.



6. Itupi ang ibabaw at ibabang bahagi paloob sa unang may tupi.



7. Itupi ang ibabaw at ibabang dulo paloob sa susunod na may tupi.



8. Iguhit sa loob ang eyeball.

9. Itupi ang ibabaw at ibabang dulo papunta sa gitna.





10. Ibaliktad ang papel. Itupi ang kaliwa at kanang tabi papuntang gitna.





11. Itupi pababa ang ibabaw na kaliwang dulo mula sa gitna. Tupiin at alisin sa pagkatupi. Gawin din ang ganoon sa kanang tabi.





12. Ulitin ang Step 11 kasama ng ibabang kaliwa at kanang mga dulo.



13. Gamit ang inyong hintuturo at hinlalaki, hawakan ang ibabaw at ibabang dulo nang magkasama. Gawin ito sa bawat tabi.





14. Ibaliktad ang figure at hawakan ang parehong tabi. Hilahin palabas at itulak paloob para pakurapin ang mata.